ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2018

# Liahona



## Ang Templo: Naghihintay ang Panginoon na Pagpalain Ka Rito, pp. 12, 18, 20

**Ang Tema ng Mutwal para sa 2018, pp. 24, 50**

**Ang Bisa ng mga Council sa Bagong Kurikulum, p. 28**

**Bakit Sulit na Ipagtanggol ang Tradisyunal na mga Pamilya, p. 32**




*Mula sa Mensahe ng Unang Panguluhan, pahina 4.*

# Liahona, Enero 2018




7

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Pangulu-han: Ang Kaloob na Pagsisisi**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mga Tuntunin ng Visiting Teaching: Kontakin Siya Anumang Oras, Saanmang Lugar, sa Anumang Paraan**
*Kapalit ng buwanang mensahe, ngayong taon tutulungan kayo ng pagtutuon sa mga tuntunin ng visiting teaching na mas mapag-lingkuran ang inyong mga kapa-tid nang may pagmamahal.*

**SA PABALAT**
Larawan ng skylight sa Paris France Temple na kuha ni Christina Smith.

## MGA TAMPOK NA ARTIKULO


8 **Tumingin at Mabuhay**
Ni Elder W. Mark Bassett
*Tulad ng baterya ng kotse ko, kailangan tayong palaging kargahan sa espirituwal para makabalik tayo sa ating tahanan sa langit.*

12 **Ang Templo ay Nagbibigay sa Atin ng Mas Mataas na Pananaw**
Ni Jean B. Bingham
*Alamin kung paano kayo matu-tulungan ng pagdalo sa templo na magkaroon ng kapayapaan at walang-hanggang pananaw.*

20 **Isang Ipinangakong Pagpapala sa Pagdalo sa Templo**
Ni Cheri Evans
*Bilang mga magulang, kinaila-ngan naming maging malikhain sa pagtupad sa aming pangako—at sulit ang magsakripisyo dahil sa mga pagpapala.*

24 **Ikaw, ang mga Kabataan, at ang Tema ng Mutwal**
Ni Jessica Griffith
*Tingnan ang mga tip na ito para sa mga magulang at lider kung paano gamitin ang tema ng mutwal para sa 2018 sa inyong pagtuturo at mga aktibidad.*

28 **Umupo sa Kapulungan**
Ni Michael Magleby
*Paano natin magagamit ang kapangyarihan ng mga council kapag sinimulan nating ipatupad ang mga ito sa ating mga miting sa Melchizedek Priesthood at Relief Society.*

32 **Ang Walang-Hanggang Kahalagahan ng Pamilya**
Ni Elder M. Russell Ballard
*Kapag nauunawaan natin kung gaano kahalaga ang mga tra-disyonal na pamilya sa plano ng Ama sa Langit, nagkakaisa tayo sa pagsuporta sa kanila.*


## MGA BAHAGI


18 **Musika: Halina sa Templo**
Nina Jan Pinborough at Michael F. Moody

38 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Amanda Jiri**

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Layunin ng Paglikha**
Ni Pangulong N. Eldon Tanner

## MGA YOUNG ADULT





**44 Mas Maagang Umuwi Kaysa Nakaplano**
Ni Destiny Yarbro
*Nahirapan akong makakita ng kabuluhan sa pang-araw-araw kong gawain nang umuwi ako nang mas maaga mula sa misyon—ngunit natanto ko na may iba pa palang mga paraan para patuloy akong makapaglingkod!*

**48 Paano Kayo Tinutulungan ng Institute na Matutuhan ang Ebanghelyo**
Ni Po Nien (Felipe) Chou


## MGA KABATAAN


**50 Tema ng Mutwal para sa 2018: Doktrina at mga Tipan 19:23**
Ng Young Men at Young Women General Presidencies

**52 Poster: Kapayapaan kay Cristo**

**53 Taludtod sa Taludtod: Doktrina at mga Tipan 19:23**

**54 Theme Song ng Mutwal para sa 2018: Kapayapaan kay Cristo**
Ni Nik Day


**56 Pag-aralan ang mga Salita ng Tagapagligtas**
Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Matapos pag-aralan ang lahat ng reperensya sa mga banal na kasulatan tungkol kay Cristo, baka magulat kayo kung paano maaaring lumago ang inyong patotoo.*

**60 Football, mga Linggo, at mga Espirituwal na Pagkakamali**
Ni Charlotte Larcabal
*Mawawalan ba ng puwesto si Will sa team kapag hindi siya naglaro tuwing Linggo?*

**63 Ang Kapitbahay Kong Kakaiba**
Ni Samantha Best
*Tinangka akong pigilan ng tita at tito ko na kausapin ang kapitbahay ko—pero maaaring nailigtas niya ang buhay ko.*

**64 Ang Bahaging para sa Atin**


## MGA BATA





**66 Pagliwanagin ang Iyong Ilaw: Pagbibigay ng Meryenda at mga Ngiti**

**68 Isang Sagot para kay Lucia**
Ni Murlene Watkins
*Nalito si Lucia sa itinuro ng kanyang guro, pero alam niya kung sino ang makakatulong sa kanya na maunawaan ito.*

**70 Hayaang Magliwanag ang Iyong Ilaw**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

**72 Si Lucas at ang Bully**
Ni Eric B. Murdock
*Ayaw ni ayaw ni Lucas na binu-bully siya, pero tama ba ang ginawa niya?*

**74 Si Moroni at ang Mekaniko**
Ni Elder Claudio R. M. Costa
*Nang masiraan kami ng kotse, ipinagdasal ng anak kong si Moroni na dumating ang tamang tao para tulungan kami.*

**75 Maaari kong Basahin ang mga Banal na Kasulatan: Ang Plano ng Diyos para sa Akin**

**76 Mga Kuwento tungkol kay Jesus: Ang Paglikha**
Ni Kim Webb Reid

**79 Pahinang Kukulayan: Bahagi Ako ng Isang Magandang Daigdig**




***Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Kanino ka makakabaling para sa mga sagot?***



**ENERO 2018 TOMO 20 BLG. 1**
**LIAHONA 14747 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

**Patnugot:** Hugo E. Martinez
**Mga Assistant na Patnugot:** Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Cremilda Amaral
**Writing at Editing Team:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
January 2018 Vol. 21 No. 1. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)


POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.


# MARAMI PANG IBA ONLINE



Basahin ang mga artikulo at mag-sumite ng sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org.**


Maghanap ng nagbibigay-inspirasyon at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona.**





Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org.**

Mag-subscribe sa **store.lds.org.** O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga lider ng ward, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada).



MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Araw ng Sabbath,*** *60*
***Calling, mga,*** *41*
***Council, mga,*** *28*
***Edukasyon,*** *44, 48, 80*
***Gawaing misyonero,*** *12, 40, 44, 63, 64*
***Halimbawa,*** *65, 70, 72*
***Institute,*** *48, 70, 72*
***Jesucristo,*** *24, 56, 66, 68, 75*
***Kabaitan,*** *72, 20*
***Kalayaang pangrelihiyon,*** *32*
***Kapayapaan,*** *12, 24, 41, 50, 52, 53, 54*
***Media,*** *65, 56, 66, 68, 75*
***miting sa Simbahan, mga,*** *28*
***Pag-aaral ng banal na kasulatan,*** *8, 24, 48, 56, 68, 70*
***Pag-ibig, pagmamahal,*** *7, 32, 40, 63*
***Paglikha,*** *76, 79, 80, 63, 64*
***Paglilingkod,*** *7, 20, 44, 66, 54, 61*
***Pagpapakumbaba,*** *24, 60*
***Pagsisisi,*** *4, 38, 72, 50, 52, 53, 54*
***Pagsunod,*** *8, 60*
***Pamilya,*** *20, 32, 42, 43, 68, 70, 74*
***Panalangin,*** *8, 40, 42, 43, 68, 70, 74*
***Pasasalamat,*** *8, 20, 72*
***Patotoo,*** *48, 56, 63, 70, 74*
***Plano ng kaligtasan,*** *32, 24, 48, 56, 68, 70*
***Tema ng Mutwal,*** *24, 50, 52, 53, 54, 61*
***Templo, mga,*** *12, 18, 20*
***Visiting teaching,*** *7, 56, 63, 70, 74*
***Walang-hanggang pananaw,*** *12*
***Young Women,*** *38, 41, 65*



**Ni Pangulong**
**Thomas S. Monson**

# ANG KALOOB NA PAGSISISI

"Responsibilidad nating umangat mula sa pagiging karaniwan lamang tungo sa pagiging mahusay, mula sa kabiguan tungo sa tagumpay," pagtuturo ni Pangulong Thomas S. Monson. Ang tungkulin natin ay maabot ang pinakamahusay nating [mararating]." Isa sa pinakadakilang mga kaloob ng Diyos sa atin ay ang kagalakang magsikap na muli, dahil hindi kailangang magwakas sa kabiguan ang lahat."[1]

Kadalasa'y iniuugnay natin ang pagsisimula ng bagong taon sa mga pagpapasiya at mithiin. Nagpapasiya tayong magpakabuti, magbago, sumubok muli. Marahil ang pinakamahalagang paraan na maaari tayong sumubok muli ay sa pagtanggap sa tinatawag ni Pangulong Monson na "ang kaloob na pagsisisi."[2]

Sa sumusunod na mga sipi mula sa kanyang mga turo mula nang siya ang maging Pangulo ng Simbahan, pinayuhan tayo ni Pangulong Monson na "gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang [tayo] ay makatanggap ng kapatawaran ng a[t]ing mga kasalanan, at ang a[t]ing mga puso ay maging dalisay."[3]

## Ang Himala ng Kapatawaran

"Tayong lahat ay nakagawa ng mga maling pasiya. Kung hindi pa natin naiwawasto ang mga pasiyang iyon, tinitiyak ko sa inyo na may paraan para magawa iyon. Ang proseso ay tinatawag na pagsisisi. Nakikiusap ako sa inyo na iwasto ang inyong mga pagkakamali. Namatay ang ating Tagapagligtas upang ibigay sa i[n]yo at sa akin ang pinagpalang kaloob na iyon. Kahit hindi madali ang landas, ang pangako ay totoo: 'Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe' [Isaias 1:18]. 'At ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito' [D at T 58:42]. Huwag ipagsapalaran ang inyong buhay na walang hanggan. Kung nagkasala kayo, kung mas maaga ninyong sisimulang bumalik, mas maaga ninyong matatagpuan ang tamis ng kapayapaan at kagalakang kaakibat ng himala ng pagpapatawad."[4]

## Bumalik sa Landas

"Bagama't kailangan tayong pumili nang may katalinuhan, may mga pagkakataon na nagkakamali tayo sa pagpili. Ang kaloob na pagsisisi, na inilaan ng ating Tagapagligtas, ang nagtatama sa direksyon natin sa buhay, upang makabalik tayo sa landas patungo sa kaluwalhatiang selestiyal na hinahangad natin."[5]

## Ang Daan Pabalik

"Kung mayroon man sa inyo na nagkamali sa inyong paglalakbay, tinitiyak ko sa inyo na may daan pabalik. Ang proseso ay tinatawag na pagsisisi. Bagama't mahirap ang landas na tatahakin, ang inyong walang hanggang kaligtasan ay nakasalalay dito. Ano pa ang mas karapat-dapat na pagsikapan ninyo? Nakikiusap ako na magpasiya kayo ngayon din na gawin ang mga hakbang na kailangan upang makapagsisi nang husto. Kung mas maaga ninyong gagawin ito, mas maaga ninyong madarama ang kapayapaan at katahimikan at ang katiyakang sinabi ni Isaias [tingnan sa Isaias 1:18]."[6]

## Maaaring Magbago ang mga Tao

"Dapat nating isaisip na maaaring magbago ang mga tao. Maaari nilang talikuran ang kanilang masasamang bisyo. Maaari silang magsisi sa kanilang mga kasalanan. Maaari silang maging karapat-dapat na humawak ng priesthood.

DETALYE MULA SA *BESIDE STILL WATERS*, NI SIMON DEWEY



## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Lahat tayo ay hindi perpekto—sa pamamagitan lamang ng kaloob na pagsisisi na ginawang posible ng pagsasakripisyo ni Jesucristo tayo maaaring malinis mula sa kasalanan at mapagbuti pa ang ating buhay. Isiping talakayin sa mga tinuturuan ninyo kung paano natin "[itinatama ang] direksyon natin sa buhay" sa pamamagitan ng pagsisisi. Paano nila nadama na mas malapit sila sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng mga positibong pagbabagong ginawa nila sa kanilang buhay? Maaari ninyong pasulatin ang mga tinuturuan ninyo ng mga espirituwal na resolusyon para sa bagong taon at ibalita ang kanilang pag-unlad sa kanilang kaibigan, asawa, o iba pang kapamilya.

At maaari silang maglingkod sa Panginoon nang buong sigasig."[7]

### Maging Malinis Muli

"Kung may mali sa inyong buhay, may paraan para maitama ninyo ito. Itigil ang anumang kasamaan. Kausapin ang inyong bishop. Anuman ang problema, malulutas ito sa pamamagitan ng wastong pagsisisi. Maaari kayong maging malinis muli."[8]

### Ang Mahalagang Papel na Ginagampanan ng Tagapagligtas

"Napakahalaga sa plano [ng kaligtasan] ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kung wala ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, lahat tayo ay maliligaw ng landas. Hindi sapat, gayunman, ang maniwala lamang sa Kanya at sa Kanyang misyon. Kailangan tayong gumawa at matuto, magsaliksik at magdasal, magsisi at magpakabuti pa. Kailangan nating malaman ang mga batas ng Diyos at ipamuhay ang mga ito. Kailangan nating matanggap ang Kanyang nakapagliligtas na mga ordenansa. Sa paggawa lamang nito natin matatamo ang tunay at walang-hanggang kaligayahan."[9] ■

#### MGA TALA

1. "The Will Within," *Ensign,* Mayo 1987, 68.
2. "Mga Pagpili," *Liahona,* Mayo 2016, 86.
3. Mosias 4:2.
4. "Ang Tatlong Prinsipyo ng Pagpili," *Liahona,* Nob. 2010, 69.
5. "Mga Pagpili," 86.
6. "Ang mga Utos sa Tuwina'y Sundin," *Liahona,* Nob. 2015, 85.
7. "Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Liahona,* Nob. 2012, 68.
8. "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2011, 67.
9. "Ang Perpektong Landas Tungo sa Kaligayahan," *Liahona,* Nob. 2016, 80–81.



## Magpasiyang Magsisi

> *Bagaman makakatulong sa ating paglago ang mga mithiin para sa bagong taon, ang pinakamainam na paraan para magbago ay sa pamamagitan ng pagsisisi.*

# MGA KABATAAN

**Tingnan din sa "Walong Maling Pag-unawa Tungkol sa Pagsisisi" sa lds.org/go/1186.**

Ipinaliwanag ni Pangulong Monson na "responsibilidad nating umangat mula sa pagiging karaniwan lamang tungo sa pagiging mahusay, mula sa kabiguan tungo sa tagumpay. Ang tungkulin natin ay maabot ang pinakamahusay nating [mararating]." Maraming tao na inilalaan ang Enero para gumawa ng mga mithiin at resolusyon na umunlad: mas ngumiti, kumain ng mas masustansyang pagkain, o matuto ng bagong kasanayan. Bagama't matutulungan ka ng mga mithiing ito na magbago upang magpakabuti, ang pinakamainam na paraan para magbago ay sa pamamagitan ng pagsisisi.

Bagama't maaaring mahirap magsisi, ito ay isang kaloob! Kapag umasa tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisisi sa ating mga kasalanan, lumalago tayo at umuunlad. Sinabi ni Pangulong Monson, "Napakahalaga sa plano [ng kaligtasan] ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kung wala ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, lahat tayo ay maliligaw ng landas." Sa pamamagitan ng pagsisisi, maaaring mahugasan ang iyong mga kasalanan at umunlad ka upang maging higit na katulad Niya.

Isipin ang isang bagay na maaaring nakahahadlang sa iyo na maging katulad ng Tagapagligtas. Ang iyo bang pananalita? Paano mo pinakikitunguhan ang iyong mga kaibigan o pamilya? Matapos isipin kung ano ang maaari mong pag-igihin, manalangin ka sa Ama sa Langit at ipahayag mo ang iyong hangaring magbago. Tandaan na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala, matutulungan ka ni Jesucristo na daigin ang iyong mga kahinaan. Tulad ng itinuro ni Pangulong Monson, "Ang kaloob na pagsisisi, na inilaan ng ating Tagapagligtas, ang nagtatama sa direksyon natin sa buhay."

# MGA BATA

## Ang Pagsisisi ay Isang Kaloob

Ang kaloob na pagsisisi ay hindi isang kaloob na makikita o mahahawakan ninyo. Sa halip, ito ay isang kaloob na madarama ninyo. Ibig sabihin, kapag gumawa tayo ng maling pasiya, maaari tayong magsisi at muling makadama ng kapayapaan at kaligayahan.

Lagi tayong tutulungan ng Ama sa Langit at ni Jesus na magsisi. Itugma ang bawat larawan sa iba't ibang hakbang ng pagsisisi.

**Nalulungkot tayo.**

**Nagdarasal tayo sa Ama sa Langit, ikinukuwento natin sa Kanya kung ano ang nangyari, at humihingi tayo ng tulong sa Kanya para makagawa tayo ng mas mabuting pagpapasiya sa susunod.**

**Humihingi tayo ng paumanhin at sinisikap nating magpakabuti.**

**Napapanatag tayo at nalalaman natin na napatawad na tayo.**



MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

# Kontakin Siya Anumang Oras, Saanmang Lugar, sa Anumang Paraan

*Ang visiting teaching ay tungkol sa paglilingkod. Naglingkod si Jesus anumang oras at saanmang lugar. Magagawa rin natin iyan.*



*Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan*

Ang "magministeryo" ay ang magbigay ng paglilingkod, pangangalaga, o pagtulong na nag-aambag sa kapanatagan o kaligayahan ng iba. Ang visiting teaching ay tungkol sa pagtuklas ng mga paraan para magministeryo sa mga binibisita natin. Nagministeryo si Jesucristo sa lahat—anumang oras at saanmang lugar. Pinakain Niya ang 5,000, inalo sina Maria at Marta nang mamatay ang kanilang kapatid, at itinuro ang Kanyang ebanghelyo sa babae sa may balon. Ginawa Niya iyon dahil sa Kanyang taos na pagmamahal.

Sa pagsunod sa Kanyang halimbawa, makikilala at mamahalin natin bilang mga visiting teacher ang bawat babaeng binibisita natin, inaalala na pag-ibig ang pundasyon ng lahat ng ginagawa natin. Kapag nagdasal tayo para sa inspirasyon na malaman kung paano siya paglilingkuran at tutulungang lumakas ang kanyang pananampalataya, "hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa [atin]."[1]

Mula sa organisasyon ng Relief Society noong 1842 hanggang ngayon, maraming buhay ang napagpala ng pagmiministeryo ng kababaihan. Halimbawa, binibisita ni Joan Johnson, isang 82-anyos na biyuda, at ng kanyang visiting teaching companion ang kanilang kapitbahay na 89 anyos at may pulmonya. Nakikita nila na hindi lang minsan sa isang buwan sila kailangan ng kanilang kapitbahay, kaya sinimulan nila itong bisitahin nang personal o tawagan sa telepono linggu-linggo.

Para sa iba pang mga visiting teacher, maaaring ang pinakamainam gawin para sa isang miyembrong babae sa buwang iyon ay padalhan siya ng text o email na nagpapalakas ng loob. Personal na pagkonekta at pakikinig nang may pagmamahal ang pinakadiwa ng visiting teaching. Tinutulungan tayo ng makabagong teknolohiya at matagal nang epektibong personal na pagbisita na gawin ito anumang oras, saanmang lugar, at sa maraming paraan.[2] Iyan ang paglilingkod na katulad ng ginawa ni Jesus.

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 532.
2. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.5.1.

### Isipin Ito

Paano tayo titigil sa pag-aalala "kung ano ang maituturing" na visiting teaching at sa halip ay magtuon sa mga pangangailangan ng bawat babae mula sa kanyang mga visiting teacher?

### Pagmiministeryo

**Sa halip na isang partikular na mensahe, bawat buwan ay magtatampok ang pahinang ito ng ibang tuntunin upang tulungan tayong magministeryo nang mas epektibo sa isa't isa. Kapag nagdasal kayo at naghangad ng inspirasyon, malalaman ninyo ang espirituwal na mensahe at paglilingkod na kailangan ng bawat babae.**


Ang isang alternator ay nakakabit sa makina. Mahalagang panatilihing tumatakbo ang isang sasakyan.
Ang alternator ay isang generator na ginagawang electrical energy ang mechanical energy.
Maliban kung ang alternator ko ay kumpunihin o palitan, hindi ako maaaring magpatuloy sa paglalakbay.



**Ni Elder**
**W. Mark Bassett**
Ng Pitumpu

# Tumingin at Mabuhay

*Kapag bumaling tayo sa Diyos, lumilikha tayo ng palagiang mapagkukunan ng espirituwal na pagpapanibago.*

Habang lumalaki ako, regular kaming naglalakbay ng pamilya ko sa pagitan ng Northern California at Utah, USA. Hindi ang paglalakbay sa disyerto ang ikinasiya namin; iyo'y ang pagdating sa destinasyon at ang kagalakang mabisita ang mga kapamilya namin doon.

Noong summer bago ako umalis para sa aking full-time mission, naglakbay akong muli para bumisita sa mga kamag-anak sa Utah. Pero sa pagkakataong ito, kami lang ng nakababatang kapatid kong si David ang naglakbay. Kami'y 16 at 18 taong gulang noon. Madalas kaming maglakbay nang 10-oras kasama ang aming pamilya kaya malaki ang kumpiyansa namin sa kakayahan naming maglakbay nang maayos.

Binisita namin sina Tito Kay, Tita Dianne, at ang pinsan naming si Michelle. Pagkatapos, pinahaba pa ni David ang kanyang pagbisita habang kinailangan ko namang bumalik mag-isa sa California para sa dental appointment ko.

Magtatakipsilim na nang umalis ako ng Spanish Fork, Utah, para magbiyahe nang magdamagan. Naging maayos ang lahat sa simula. Di-nagtagal ay umalis na ako ng highway na patimog at pahilaga at lumipat ako sa highway na pasilangan at pakanluran. Binuksan ko ang headlight at matulin kong ginaygay ang kanlurang bahagi ng Utah. Nang makaraan ang maraming milya at unti-unting nagdilim ang gabi sa disyerto, napansin kong unti-unti akong nahirapang makita ang daan. Sa huli, natanto ko na unti-unting lumalamlam ang headlights ko. Sa huli ay namatay na nga ito, huminto ang makina, at tumigil ang kotse sa gilid ng interstate.

Patay na ang baterya. Ayaw nang umandar ng kotse. Bagama't maingat kong tiniyak na marami itong gasolina at ipinlano ko pa kung saan magpapagasolina, hindi ako naging handa na lubusang mawalan ng kuryente.

### Ano ang Alternator?

Pinalaki ako ng isang ama na nagmamalaki na siya mismo ang nagkukumpuni ng mga kotse ng aming pamilya. Tinuruan niya kaming magmekaniko ng sasakyan, kaya alam ko na hindi mamamatay ang kargadong baterya habang tumatakbo ang kotse maliban kung may problema ang alternator. Ang alternator ay isang electrical generator na ginagawang electrical energy ang mechanical energy. Ginagamit nito ang kinetic energy ng tumatakbong makina para lumikha ng magnetic energy na nagiging electric current na patuloy na nagkakarga sa baterya. Dahil dito, gumagana nang walang tigil ang headlights, radyo, air conditioning, at iba pang electrical devices. Patuloy rin nitong pinatatakbo ang makina.

Ngayo'y may problema ang alternator ng kotse ko. Kailangan itong kumpunihin o palitan para makapagpatuloy ako sa paglalakbay.

Sa panahon bago nagkaroon ng mga cell phone, ang magagawa ko lang ay magsimulang maglakad. Sa huli, pinasakay ako ng isang lalaki at inihatid ako sa kasunod na bayan. Sa isang pay phone tumawag ako ng isang tow truck. Magkasama kami ng drayber sa trak sa isang-oras na biyahe pabalik sa kotse. Pagkatapos ay magkasama kaming muli sa trak pabalik sa munting bayan na hila-hila ang kotse ko. Sa huli, apat na oras pagkatapos kong unang

PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

iwanan ang kotse ko, nakasakay na ako rito at natutulog sa harap ng isang talyer hanggang sa magbukas ito.

Pagdating ng manedyer, natawa siya sa ideya na mabibili sa munting bayan nila ang piyesa ng kotse na kailangan ko. Maaari niyang orderin iyon, pero dalawa o tatlong araw pa bago ito dumating. Pagkatapos ay naawa siya sa akin. Sinabi niya sa akin na maaari niyang kargahan ang baterya ko sa isang charger nang mga tatlong oras. Baka makargahan iyon nang sapat para mapatakbo ko ang kotse hanggang sa kasunod na bayan. Marahil mayroon doon ng piyesa ng kotse na kailangan ko.

Nang makargahan na ang baterya, pinatakbo ko na ang kotse nang hindi sinisindihan ang anuman para hindi masayang ang kuryente. Nakarating ako sa kasunod na bayan, pero wala rin sila ng piyesang kailangan ko. Nagpatuloy ang ganito—isang tatlong-oras na kargahan para sa dalawang-oras na biyahe mula sa isang bayan papunta sa kasunod na bayan. Matapos makakita ng mababait na tao sa mga bayang dinaanan ko, sa wakas ay dumating na rin ako sa garahe ng aking mga magulang, na pagod na pagod pagkaraan ng 30-oras na paglalakbay ngunit ligtas na nakauwi.

## Espirituwal na Manna

May isang pagkakatulad ang aking paglalakbay sa paglalakbay ng mga Israelita sa disyerto sa panahon ng Lumang Tipan. Sa loob ng 40 taon ang mga Israelita ay patuloy na pinasigla ng pagkain mula sa langit na tinatawag na *manna*. (Tingnan sa Exodo kabanata 16 at Mga Bilang kabanata 11.)

Sa ating panahon ganito rin ang pangangailangan natin sa pagkain mula sa langit, ang espirituwal na pagkain. Mabuti na lang, makakagawa tayo ng "espirituwal na alternator" na "lilikha" ng "espirituwal na manna" na kailangan natin. Dahil natutugunan ang espirituwal na mga pangangailangan natin sa pamamagitan ng pagpapanatili ng ugnayan natin sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, kung gayon tulad ng paggugol ng oras ng mga Israelita bawat araw sa pagtitipon ng pisikal na manna, kailangan natin ngayong magtipon ng espirituwal na manna sa pamamagitan ng pagdarasal, pag-aaral ng ebanghelyo, at pagsisikap na patuloy na mapatnubayan ng Espiritu Santo.

Kalaunan ay nagsawa ang mga Israelita sa katitipon ng pisikal na manna at "nahulog sa kasakiman" sa mga bagay na naiwan nila (Mga Bilang 11:4). Kung hahayaan nating magsawa tayo sa katitipon ng espirituwal na manna, baka asamin natin ang mga bagay na hindi para sa ating espirituwal na kapakanan. Tulad ng nainis na mga Israelita, nanganganib na malimutan natin ang ating orihinal na layunin—na makarating sa lupang pangako. Baka nga naisin pa natin na sana'y hindi na lang natin nilisan ang ating "Egipto" (tingnan sa Mga Bilang 11:5–6). Sa huli, tumitigil sa pag-andar ang ating espirituwal na alternator, at hindi tayo umuunlad. Makikita natin na tayo ay nalalagay sa kagipitan, nagugutom, at umaasam na masagip.

## Pagkakita sa Himala

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) na, "Kung minsan parang masyado nating binabale-wala ang mga banal na kasulatan dahil hindi natin lubusang pinahahalagahan ang bihirang pagkakaroon ng mga ito, at kung gaano tayo kapalad dahil mayroon tayo nito. Parang masyado na tayong komportable sa mga karanasan natin sa mundong ito at nasanay nang marinig ang ebanghelyong itinuturo sa atin kung kaya't nahihirapan tayong isiping [maaaring ang kabaligtaran ang] nangyari."[1]

Hindi natin dapat balewalain kailanman ang ating pangangailangang patuloy na mag-aral ng mga banal na kasulatan, manalangin, at sumunod dahil tinutulungan tayo ng mga ito na mapatnubayan palagi ng Espiritu Santo. Kung kinaliligtaan natin ang mga aktibidad sa buhay na espirituwal na nakasisigla, mababagot tayo sa mga ito, o regular lang nating isasagawa ang mga ito, hindi gumagana nang lubusan ang ating espirituwal na alternator. Maaaring paunti-unti tayong espirituwal na madiskarga, marahil talagang paunti-unti lamang na halos hindi natin ito napapansin. Sa oras na iyon, ang tanging paraan para makabawi ng



*THE GATHERING OF MANNA*, NI JAMES TISSOT



lakas ay ang bumaling kay Jesucristo at magsisi. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng taos-pusong pagsisisi, lahat ng bagay ay maibabalik.

### Tumingin at Mabuhay

Nang magreklamo ang mga Israelita, nawalan sila ng pasasalamat para sa pagpapala ng pangangalaga. Bilang parusa, "ang Panginoon ay nagsugo ng mababangis na ahas sa gitna ng [mga tao], at kanilang kinagat ang [mga tao]: at maraming tao sa Israel ay namatay" (Mga Bilang 21:6).

Sa huli, "ang [mga tao] ay naparoon kay Moises, at nagsabi, Kami ay nagkasala, sapagka't kami ay nagsalita laban sa Panginoon, at laban sa iyo; idalangin mo sa Panginoon, na kaniyang alisin sa amin ang mga ahas. At idinalangin ni Moises ang [mga tao].

"At sinabi ng Panginoon kay Moises, Gumawa ka ng isang mabagsik na ahas at ipatong mo sa isang tikin: at mangyayari, na bawa't taong makagat, ay mabubuhay pag tumingin doon.

"At si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin: at nangyari, na pag may nakagat ng ahas ay nabubuhay pagtingin sa ahas na tanso" (Mga Bilang 21:7–9).

### Mga Makabagong Ahas na Tanso

Ang ahas na tanso, o yari sa tanso, ay simbolo ni Cristo na itinataas sa krus (tingnan sa Juan 3:14–15). Habang nakatingin tayo sa payo ng mga propeta sa makabagong panahon, nakatingin tayo kay Cristo dahil ibinabalik nito ang ating tuon sa plano ng ating Ama at sa mahalagang papel ni Jesucristo. Tulad ng mababait na tao na pinayagan akong kargahang muli ang aking baterya, ang mga buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag ay muli tayong kinakargahan sa espirituwal sa pamamagitan ng pagpapaalala sa atin na tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit at na ito ang Kanyang "gawain at . . . kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Partikular nila tayong pinayuhan na habang mas epektibo tayong sumasamba sa araw ng Sabbath, mapapalakas natin ang ating pananampalataya sa Ama sa Langit, sa Kanyang plano ng kaligayahan, at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.

Ang kuwento ni Moises at ng ahas na tanso ay tinukoy rin sa Aklat ni Mormon, kung saan sinabihan tayo na "marami ang tumingin at nabuhay" (Alma 33:19; tingnan din sa mga talata 20–22). Gayunman, ayaw tumingin ng iba. "Ang gawaing dapat nilang tupdin ay tumingin; at dahil sa kagaanan ng paraan, o kadalian nito, marami ang nangasawi" (1 Nephi 17:41). Masasabi ba tungkol sa atin balang-araw na tumanggi tayong umasa sa mga propeta at sa kanilang payo dahil sa kadalian ng paraan?

"Kung kayo ay mapagagaling sa pamamagitan lamang ng pagbaling ng inyong mga mata upang kayo'y gumaling, hindi ba kayo mabilis na titingin[?] . . .

". . . Samakatwid ibabaling ninyo ang inyong mga mata at magsisimulang maniwala sa Anak ng Diyos" (Alma 33:21, 22).

Nagpapasalamat ako sa mga pagpapalang dumarating sa atin habang patuloy tayong tumatahak sa ating "landas paakyat sa langit" at hinihikayat ang iba na gawin din iyon. Nagpapasalamat din ako sa pagkakataon, kapag naliligaw tayo, na magsisi, talikuran ang masasamang gawi, at magbalik sa tamang landas. Hindi masusukat ang mga pagpapala.

Nagtapos ang isa pang talata sa Aklat ni Mormon tungkol sa karanasan ng mga Israelita sa, "At kung gaano karami ang tumingin sa ahas na yaon ay nabuhay, gayon din kasindami ng titingin sa Anak ng Diyos na may pananampalataya, nang may nagsisising espiritu, ay mabubuhay, maging sa yaong buhay na walang hanggan" (Helaman 8:15).

Sinasanay ng pagsunod sa payo ng mga makabagong propeta ang ating puso na sumampalataya. Pinalalakas tayo nito upang madaig ang mga balakid sa ating paglalakbay, tulad noong kailanganin kong magpatuloy sa paglakad sa disyerto ng gabing iyon ng tag-init. Pinatototohanan ko na kapag tumingin tayo sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, makasusumpong tayo ng kahulugan at layunin sa ating paglalakbay. ■

*Makakakita kayo ng mga ideya sa family home evening para sa artikulong ito sa lds.org/go/11811.*

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 76–77.

DETALYE MULA SA *THE BRAZEN SERPENT*, NI JAMES TISSOT, ANG JEWISH MUSEUM, NEW YORK/ART RESOURCE, NY



# Ang Templo ay Nagbibigay sa Atin ng *Mas Mataas na Pananaw*

**Ni Jean B. Bingham**
Relief Society General President



Ang ilan sa pinakamalilinaw at mahahalagang alaala namin sa pagtira sa Midwestern United States noong bata pa kaming mga magulang ay tungkol sa mga taunang pagbisita sa templo sa Washington, D.C. Noong panahong iyon, iyon lamang ang nadaduluhang templo sa silangan ng Mississippi River. Ang kabatiran na kailangan ang mga ordenansa sa templo ng lahat ng anak ng Ama sa Langit ay nagpabilis sa aming mga pagsisikap.

Gaya ng marami sa inyo, pinaalagaan namin sa mga kaibigan ang aming maliliit na anak, magdamag kaming naglakbay sakay ng isang bus na puno ng mga kapwa miyembro, gumugol kami ng ilang mahahalagang araw sa paggawa ng napakaraming gawain sa templo hangga't kaya namin, at pagkatapos ay magdamag kaming sumakay ng bus pauwi para makadalo sa aming mga miting sa Simbahan sa araw ng Linggo. Ang mga pagbibiyaheng iyon ay hindi nagmukhang mga sakripisyo; itinangi namin ang mga ito dahil sa espirituwal na siglang bumusog nang ilang buwan sa aming kaluluwa pagkatapos niyon.

Ilang taon kalaunan, natuwa kaming matanggap ang Chicago Illinois Temple, ang unang templong itinayo sa North America Central Area mula nang itayo ang Cardston Alberta Canada Temple 62 taon na ang nakararaan. Sa isang templo na 45 minuto lang ang layo sa bahay namin, isang kagalakan para sa amin ang dumalo nang mas madalas pa sa minsan sa isang taon at regular na mabusog sa espirituwal na pagkain.

Pero ngayon, bagama't ang ilan sa atin ay mas malapit ang tirahan sa isang templo, maaari pa rin tayong mahirapang dumalo nang madalas. Maaaring nalilinlang tayo ng pagiging malapit ng templo na isipin na, "Bukas na lang, kapag mas marami na akong oras." Madaling magambala sa mga kasalukuyang problema at palagpasin ang mas mahahalagang pagkakataon. Sabi ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hinihikayat ko kayong magtakda ng sarili ninyong mithiin kung gaano kadalas kayo makalalahok sa mga ordenansa sa ating mga [madadaluhang] templo."[1]

Kung palalagpasin natin ang pagkakataong dumalo na kasing-dalas ng kayang itulot ng ating sitwasyon, kung hindi natin pahahalagahan ang pagkakataong magpunta sa templo samantalang nasa likod-bahay lang natin ito, ika



Kaliwa: silid-selestiyal sa Hartford Connecticut Temple

Sa taas na 288 talampakan (88 m), ang Washington D.C. Temple ang pinakamataas na templo.





*Tulad ng isang teles-kopyong nakatuon sa mga bituing hindi natin abot-tanaw, binubuksan ng templo ang ating isi-pan sa mas mataas at mas malawak na pananaw.*

Itaas: stained-glass window sa Gilbert Arizona Temple; mga pintuan at bintana sa Provo City Center Temple; seradura sa Salt Lake Temple

Background: silid-selestiyal sa Kyiv Ukraine Temple



Mga stained-glass window sa Freiberg Germany Temple







Kansas City Missouri Temple

nga, maaaring mawala sa atin ang mga pagpapala at pagkakataong laan ng ating Ama at ng Kanyang Anak para sa atin sa hinaharap. "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako" (D at T 82:10).

Kapag tila nagsasabwatan ang mga pangyayari para hadlangan tayong magpunta sa templo, maaari nating alalahanin ang pagtiyak ni Jesucristo: "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33). Kapag masigasig tayo at dumadalo sa templo sa kabila ng mga balakid, tutulungan tayo ng Tagapagligtas na madaig ang sanlibutan na *ating* tinitirhan. Minsan habang naghahanda kaming mag-asawa na magpunta sa templo, nagkapatung-patong ang mga problema. Sa huli, nang malapit na kaming lumabas ng pintuan, "nagtalo" kaming mag-asawa. Habang tahimik kaming naglalakad na mag-asawa papunta sa kotse, naririnig namin ang aming panganay na babae na pinapanatag ang kapatid niya, "Huwag kang mag-alala; palagi silang masayang umuuwi mula sa templo." At tama siya!

### Ang mga Templo ay Nagpapaalala sa Atin ng Lawak ng Kawalang-Hanggan

Magpunta man tayo sa templo na puspos ng kagalakan o kalungkutan ang ating puso, ang templo ang lugar para mapasigla at mapatatag ang *bawat* karapat-dapat na miyembro na bukas ang puso.

Dumating ako sa templo na halos nakalutang sa alapaap sa malaking pasasalamat sa pagpapalang ipinagkaloob sa isang nahihirapang mahal sa buhay; tahimik din akong napaluha sa labis na kalungkutan sa sarili kong mga kabiguan. Nakatanggap ako ng mga panghihikayat at tagubilin, at maging ng mga pagkastigo mula sa Espiritu nang mag-proxy ako para sa isang taong tumatanggap ng mga ordenansa na magtutulot sa

Mula kaliwa: hagdanan sa Nauvoo Illinois Temple, na inilaan noong ika-158 anibersaryo ng pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith; garden room sa Idaho Falls Idaho Temple; hawakan ng pinto sa Calgary Alberta Canada Temple; loob ng Hartford Connecticut Temple (background)





Kaliwa: dumalo sina Pangulong David O. McKay, Sister Emma McKay, at iba pang mga pinuno ng Simbahan noong 1955 sa paglalaan ng Bern Switzerland Temple, ang unang templong itinayo sa Europe.



Ibaba: stained-glass window sa Star Valley Wyoming Temple

kanya na sumulong sa kawalang-hanggan. Lahat ng karanasang iyon ay nagpasigla at nagpatatag sa akin. At oo, naupo ako nang matagal sa loob ng templo dahil sa "tungkulin," na tumutupad lamang sa aking obligasyon, at nakakatulog pa nga ako sa mga sesyon sa templo noong early-morning seminary teacher ako! Ngunit sa bawat pagkakataon na nakapunta ako sa templo, napagpala ako. Pagpalain man tayo kaagad o maipon ang ating mga pagsisikap at pagpalain tayo kalaunan, bawat sandaling ginugugol natin sa templo ay nagbubunga ng ilang personal na paglago.


Ang pagpunta sa templo ay nagpapaalala sa atin ng lawak ng kawalang-hanggan, kapwa sa paglingon sa ating mga ninuno at pag-asam sa ating mga inapo. Napapatatag din ang ating mga anak sa kanilang walang-hanggang pananaw kapag nakatuon sila sa templo. Paano natin sila pinakamainam na maihahanda para sa templo—isang mahalagang hakbang sa kanilang walang-hanggang pag-unlad? Ipinayo ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol na, "Dapat ituro ng mga magulang ang kahalagahan ng templo habang bata pa ang kanilang anak."[2] Pinayuhan ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) ang mga magulang na maglagay ng larawan ng templo sa silid ng kanilang mga anak para makita nila ang sagradong paalalang iyon araw-araw hanggang sa maging bahagi nila ito.[3] Maaari din ninyong ibahagi sa inyong mga anak ang mga pagpapalang natatanggap ninyo mula sa pagdalo sa templo gayundin ang inyong patotoo sa kagalakang inaasam ninyo sa walang-hanggang kaugnayan sa kanila. At masusuportahan ninyo ang inyong mga tinedyer sa hangarin nilang magpabinyag para sa mga patay. Tandaan na sa inyong mga family home evening lesson at mga sandali ng pagtuturo na "ang templo ang pakay ng bawat aktibidad, bawat lesson, bawat hakbang sa pagsulong sa Simbahan."[4]

Habang kumakanta kayo ng inyong mga anak ng, "Templo'y ibig makita, Doon ay papasok, Sa Diyos ay mangangako, Sa Kanya'y susunod,"[5] matutulungan ninyo silang makadama ng hangaring pumasok sa banal na bahay ng Panginoon. At ang sarili ninyong puso ay mapupuspos ng pasasalamat sa Ama sa Langit, sa Kanyang plano ng kaligtasan, sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala, na nagawang posible ang makapiling ninyo ang inyong mga mahal sa buhay magpakailanman. Ang Tagapagligtas "ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."[6] Ang daang iyon ay humahantong sa templo at sa pamamagitan ng templo!

### Ang mga Templo ay Isang Kanlungan mula sa Sanlibutan

Maaari tayong hatakin palayo ng mga makamundong impluwensya mula sa templo. Isang mahal kong bata pang kaibigan ang nabagabag sa mga opinyon at haka-haka tungkol sa Simbahan na nabasa niya sa internet. Nagpasiya siyang tumigil sa pagdalo sa templo hanggang sa masagot ang kanyang mga tanong. Buong puso akong nakikiusap sa inyo na maaaring may mga tanong na nakakaapekto sa inyong patotoo na patuloy na manalangin at mag-aral ng banal na kasulatan at patuloy na dumalo sa templo habang hinahanap ninyo ang mga sagot na maghahatid sa inyo ng kapayapaan. Manatiling nakatuon sa ebanghelyo para hindi kayo magambala ng tuso ngunit maling mga ideolohiya. Hindi hihingi ng payong medikal ang isang taong may pisikal na karamdaman sa isang star football player

Ang ika-156 na gumagang templo, ang Paris France Temple, ay inilaan noong Mayo 21, 2017. Ibaba: stained-glass window sa Star Valley Wyoming Temple





Kanan: lilok sa Papeete Tahiti Temple; Fort Lauderdale Florida Temple; loob ng Hartford Connecticut Temple

Ibaba, kaliwa: Ang Colonia Juárez Chihuahua Mexico Temple ang pinakamaliit na templo.





at lalong hindi masasagot nang tama ng isang taong limitado ang pagkaunawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ang mahahalagang espirituwal na tanong. Ang Espiritu Santo, na nagpapatotoo tungkol sa "katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5), ay "sasabihin . . . sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso" (D at T 8:2) kung ano ang walang-hanggang katotohanan.

Ang isa sa mga lugar kung saan ninyo madarama nang husto ang Espiritung iyon ay sa loob ng templo. Kung karapat-dapat kayong pumasok sa bahay ng Panginoon (ayon sa pasiya ninyo at ng bishop), magpunta lamang sa templo at dalhin ang inyong mga tanong at tumanggap ng katiyakan na kahit hindi ninyo nauunawaan ang lahat ng bagay ngayon, nauunawaan iyon ng Panginoon. Tandaan ang lahat ng *talagang* alam at nauunawaan ninyo. Ang mga bagay na *talagang* alam ninyo at espirituwal na napatotohanan sa inyo ang aakay sa inyo sa "kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip, [at] magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus" (Mga Taga Filipos 4:7). Pinatototohanan ko na ang pag-unawa at kapayapaang hangad ninyo ay darating kapag patuloy kayong mananampalataya na aakayin at gagabayan kayo ng inyong Ama sa Langit sa katotohanan.

Ipinapaalala sa atin ni Isaias na ang templo ay isang "kanlungan . . . sa bagyo" (Isaias 4:6). Nakapagpapasigla rin ang sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Kapag pumasok tayo sa mga pintuan ng templo, tinatalikuran natin ang mga panggagambala at kaguluhan ng mundo. Sa loob ng sagradong santuwaryong ito, nakakakita tayo ng kagandahan at kaayusan. May kapahingahan para sa ating kaluluwa at kapanatagan mula sa mga problema natin sa buhay."[7]

Habang nadaragdagan ang mga suliranin sa mundo at dumarami ang mga problema sa buhay araw-araw, kailangan nating manatiling nakatuon sa mga bagay na talagang mahalaga. Madaling magtuon sa negatibo at sa mga makamundong pighati, na para bang tinitingnan natin sa microscope ang ating mga kabiguan at problema. Ang pagpunta sa templo ay nagpapaalala sa atin na magkaroon ng walang-hanggang pananaw. Tulad ng isang malaking teleskopyong nakatuon sa mga bituing hindi natin abot-tanaw, binubuksan ng templo ang ating isipan sa mas mataas at mas malawak na pananaw. Tinutulutan tayo nitong makita, maasam, at magsikap na maging katulad ng lahat ng nilayon ng Ama sa Langit na marating natin. Tinutulungan tayo nitong magtuon sa mga walang-hanggang katotohanan—sa mga Magulang sa Langit na nagmamahal sa atin at hangad tayong tulungan, sa ating tunay na kahalagahan bilang Kanilang mga anak, at sa kaya nating marating bilang "mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo" (Mga Taga Roma 8:17). Sa templo, itinuturo ang plano ng Diyos at ginagawa ang mga walang-hanggang tipan. Sa templo, binibigyan tayo ng mga kasangkapan upang maging pinakadakila at pinakamabuti nang walang hanggan.

"Sa pagpunta natin sa templo," pagpapayo ni Pangulong Monson, "maaaring madagdagan ang ating espirituwalidad at makadarama tayo ng kapayapaan na higit pa sa anumang damdaming maaaring dumating sa puso ng tao. Mauunawaan natin ang tunay na kahulugan ng mga salita ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang: 'Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. . . . Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man' [Juan 14:27]."[8]





### Ang Paglilingkod Ninyo sa Templo ay Aantig sa Iba

Ang espiritung matatamo ninyo dahil sa paglilingkod sa templo ay aantig sa maraming taong kahalubilo ninyo—na ang ilan ay mga hindi ninyo inaakala. Sa pagtatapos ng isa sa aming mga pagbisita sa templo sa Washington, D.C., nagbahagi ng patotoo ang mga miyembro habang umaandar ang bus pauwi. Sunud-sunod na ibinahagi ng mga dumalo ang kanilang kagalakan at pasasalamat para sa agaran at walang-hanggang mga pagpapala ng templo. Sa huli ay hindi na ito nakayanan ng drayber ng bus namin na hindi miyembro. Sinunggaban niya ang mikropono at nagpasalamat na kasama namin siya. Pagkatapos ay sinabi niyang, "Hindi ko alam kung ano ang mayroon sa inyo, pero iba ang pakiramdam ko rito." Siyempre pa, kinuha ng isang ward mission leader na nasa bus ang kanyang contact number at ibinigay ito sa mga missionary kalaunan.

Inaanyayahan ko kayong samantalahin ang kaloob na templo na malapit sa inyo at dumalo kayo nang madalas kung itinutulot ng inyong sitwasyon. Makasusumpong kayo ng lakas at kayapaan sa bahay ng Panginoong Jesucristo, sapagkat Siya ang ilaw at ang buhay at ang pag-asa ng mundo. Habang sumusulong ang mga huling araw na ito tungo sa pagbabalik na Kanyang ipinangako, nawa'y matanggap ninyo ang Kanyang ilaw at madama ang pag-asang iniaalay sa Kanyang mga banal na templo. ■


**MGA TALA**

1. Richard G. Scott, "Pagsamba sa Templo: Ang Pinagmumulan ng Lakas at Kapangyarihan sa mga Oras ng Pangangailangan," *Liahona,* Mayo 2009, 43–45.
2. Russell M. Nelson, "Prepare for Blessings of the Temple," *Ensign,* Mar. 2002, 17.
3. Tingnan sa *The Teachings of Spencer W. Kimball* (1982), 301.
4. Russell M. Nelson, "Prepare for Blessings of the Temple," 17.
5. "Templo'y Ibig Makita," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 99.
6. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2.
7. Thomas S. Monson, "Mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Mayo 2015, 91.
8. Thomas S. Monson, "Mga Pagpapala ng Templo," 91–92.
9. Thomas S. Monson, "Mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Okt. 2010, 15; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. "Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Hulyo 1997, 73; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Richard G. Scott, "Receive the Temple Blessings," *Ensign,* Mayo 1999, 26; idinagdag ang pagbibigay-diin.

### PARTIKULAR NA MGA PANGAKO

Ang mga propeta at apostol ay nagbigay ng partikular na mga pangako sa mga dumadalo sa templo. Alalahanin na ang Diyos ay nakatali kapag ginawa natin ang Kanyang sinabi, ngunit kapag hindi natin ginawa ang Kanyang sinabi, tayo ay walang pangako (tingnan sa D at T 82:10).

- Nangako si Pangulong Thomas S. Monson: "Sa pagpunta natin sa banal na bahay, sa paggunita sa mga tipan na ginagawa natin doon, magagawa nating *tiisin ang bawat pagsubok* at *madaraig ang bawat tukso*."[9]
- Ipinangako ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Kung pupunta kayo sa bahay ng Panginoon, kayo ay pagpapalain, *mas iigi ang buhay ninyo*. . . . Samantalahin ninyo ang malaking pagkakataong magpunta sa bahay ng Panginoon at nang makabahagi kayo sa lahat ng kagila-gilalas na pagpapalang matatanggap ninyo roon."[10]
- Ipinangako ni Elder Richard G. Scott: "Ang regular na pagdalo [sa templo] ay paiigihin ang inyong buhay sa *mas dakilang layunin*."[11]



Tampok sa limang templo ang estatuwa ng anghel na si Moroni na hawak-hawak ang mga laminang ginto: ang Los Angeles California Temple (kaliwa), ang Washington D.C. Temple, ang Seattle Washington Temple, ang Jordan River Utah Temple, at ang Mexico City Mexico Temple. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang temples.lds.org.

# Halina sa Templo

Mga titik ni Jan Pinborough
Himig ni Michael F. Moody



© 2018 nina Jan Pinborough at Michael F. Moody. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.




GAMIT NG BORDER IMAGE ANG MGA DETALYE MULA SA MGA STAINED GLASS WINDOW SA GILBERT ARIZONA TEMPLE



# Isang Ipinangakong Pagpapala sa Pagdalo sa Templo

*Gusto kong dumalo sa templo nang mas madalas—hindi ko inakala na labis itong magpapala sa aking pamilya.*

**Ni Cheri Evans**


Ilang taon na ang nakararaan, binisita ni President Oldroyd, miyembro ng stake presidency, ang aming ward at may sinabing hinding-hindi ko malilimutan: "Ipinapangako ko sa inyo na kung dadalo kayo sa templo, *bawat* aspeto ng buhay ninyo ay pagpapalain."

Habang iniisip ito, hindi ko mawari kung paano maaapektuhan ng pagdalo sa templo ang bawat aspeto ng buhay ko. Ngunit pagkatapos magsimba, nagpasiya akong tanggapin ang kanyang hamon at dumalo ako sa templo nang mas regular. Gusto kong subukan ang kanyang pangako. Gusto ng aking asawa na dumalo sa templo nang mas madalas, pero nag-atubili ako dahil maliliit pa ang aming mga anak. Kailangan naming magbiyahe nang isang oras at kalahati papunta sa templo sa San Antonio, Texas, USA, dumalo sa isang endowment session, at magbiyahe pauwi pagkatapos. Hindi puwedeng pabantayan sa ibang tao ang aming mga anak nang pito o walong oras.

## Ang Simula ng Isang Pagpapala

Noong una, sinikap naming makipagpalitan ng pagbabantay sa mga bata sa isa pang pamilya, pero palaging may nagkakasakit o nangyayari. Nagpasiya kami na kailangan lang naming itakda ang mga petsa para sa buong taon at *humayo*! Pagkatapos ay naisip namin ang paraang "pizza at laro." Magkakasama kaming magbibiyahe papunta sa templo. Magsesesyon ang isang magulang habang dadalhin naman ng isa pa ang mga bata para mag-pizza. Pagkatapos ay magpapalitan kami: magsesesyon ang isa pang magulang habang ipapasyal naman ng isa ang mga bata sa bakuran ng templo. Maayos naman ito. Alam ng aming mga anak na mahalaga sa amin ang templo—alam nila ang lahat ng iba pang mga bagay na maaari naming gawin sa araw ng Sabado—at nagkasama-sama kami bilang pamilya.

Hindi ko inakala na labis na magpapala sa aking pamilya ang pagpunta sa templo. Matapos naming dalasan ang pagpunta nang mahigit isang taon, nakaupo ako sa isang sesyon nang mapansin ko ang isang lalaking quadriplegic. Sa palagay ko, kamangha-mangha na naroon siya.



Nang papalabas na ng templo, nakita ko siyang nakaupo malapit sa parking lot, kaya naisip naming mag-asawa na batiin siya.

Nagtanong ang lalaki sa amin ng asawa kong si Chad kung maaari namin siyang tulungang tumawag sa telepono. Pumayag kaming tumulong, at sinabi ng lalaki kay Chad kung nasaan ang telepono niya. Dinayal ni Chad ang numero para dito at saka iniabot dito ang telepono. Hindi ito maabot ng lalaki, bagama't magiliw itong ngumiti. Tiningnan ni Chad ang mga bisig ng lalaki, na nakatali sa wheelchair nito, at agad niyang natanto na kailangan niyang hawakan ang telepono sa tainga nito. Hindi pa dumarating ang city bus service na dapat sumundo sa lalaki. Sinamahan namin siya at kinausap hanggang sa dumating ang bus niya. Namangha kami na, sa kabila ng kanyang mga hamon, naroon siya sa templo. Napakaganda ng pag-uugali niya. Napakasaya ng ngiti niya. Bago siya umalis, nagpalitan kami ng contact information at nalaman namin na ang pangalan niya ay Max Para.

Kung kayang magpunta ni Brother Para sa templo, kaya nating magpunta sa templo—walang dahi-dahilan!

## Ang Halimbawa ni Brother Para

Nagpasiya kaming bisitahin siya nang sumunod na buwan bilang bahagi ng pagbisita namin sa templo. Tinawagan namin siya nang maaga, at pumasok na lang daw kami pagdating namin sa bahay niya. Nagbiyahe kami patungong San Antonio at natagpuan namin ang maliit na bahay ni Brother Para. Nakahiga siya sa kama at nakatakip ng puting kumot ang kanyang katawan hanggang sa kanyang baba. Ibinaling niya ang kanyang ulo at nakipag-usap sa



amin, na masaya pa ring nakangiti. Sinabi niya sa amin kung paano siya naging quadriplegic matapos bumagsak mula sa bubong noong nasa mga 30 taong gulang siya. Ikinuwento niya ang kanyang paghihirap at ang kanyang patotoo.

Ang isang-beses na pagbisita kay Brother Para ay nauwi sa maraming taon ng pagbisita. Naging espesyal na bahagi siya ng aming buhay. Hindi namin alam kung ano ang magagawa namin para sa kanya—napakabigat ng kanyang mga hamon. Ang alam lang namin ay maaari niya kaming maging mga kaibigan. Maaari namin siyang dalhan ng maliliit na regalo: isang larawan ng Tagapagligtas, isang Book of Mormon CD sa Spanish, isang larawan ng templo, isang bag ng mga sariwang kahel. Maaari namin siyang bisitahin, kantahan ng mga awitin sa Primary, at pakinggan. Lubhang kahanga-hanga ang karanasang ito—hindi mo mabibigyan ng kakarampot na tinapay ang Panginoon nang hindi ka nakakatanggap ng isang buong tinapay bilang kapalit.[1]

Tinuruan niya kaming magpasalamat, na nagpabago sa *bawat* aspeto ng aming buhay. Natuto kaming magpasalamat para sa aming kaalaman tungkol sa ebanghelyo, sa aming kaugnayan sa Diyos; sa aming kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan; sa aming tahanan, mga sasakyan, at damit; sa kakayahan naming gamitin ang aming katawan; sa pagkakataong gumawa ng mabuti para sa aming komunidad; at para sa mabubuting tao sa aming paligid. Binago ni Brother Para ang aming pakahulugan sa mga salitang *hirap* at *pagsubok*. May dahilan kami para magalak sa maraming pagpapala sa amin at ginamit namin ang mga pagpapalang iyon upang mapasigla ang iba.

## Pag-aaral kung Paano Maglingkod

Minsan noong nasa templo si Chad kasama ang isa sa aming mga kaibigan na si Brother Gonzales, muli niyang nakita si Brother Para sa templo na naghihintay sa pagdating ng van na susundo sa kanya. Matagal nang naghihintay si Brother Para. Ipinasiya nina Chad at Brother Gonzales na ihatid na sa bahay niya si Brother Para. May malaking itim na trak si Brother Gonzales. Sa sandaling iyon, pumarada ang isang kotseng puno ng mga priest mula sa stake namin, at tumulong silang buhatin ang mabigat na wheelchair sa likod ng trak. Pagkatapos ay binuhat nila si Brother Para paakyat ng trak, kinabitan siya ng seatbelt, at hinawakan siya para hindi siya tumaob. Tiyak na napakasayang araw niyon para kay Brother Para—aakalain ba niyang ihahatid siya pauwi mula sa templo sakay ng pangarap niyang trak!

## Pinagpala sa Lahat ng Paraan

Sa huling pagbisita namin sa San Antonio Temple bago kami lumipat, nabisita namin si Brother Para. Sa natatanging huling pagbisitang ito, inanyayahan ni Brother Para ang buong pamilya namin sa hapunan.

Lubos akong nagpapasalamat na sinubukan ko ang pangako ni President Oldroyd. Hindi sana nakilala ng pamilya ko si Brother Para kahit kailan kung hindi kami dumalo sa templo. Iba na ako—nagiging tao na ako na nais ng Panginoon na kahinatnan ko. Nang unahin namin ang Panginoon at dumalo kami sa templo, pinagpala ang aming buhay sa *lahat* ng paraan. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

**TALA**

1. Tingnan sa Melvin J. Ballard, sa Marion G. Romney, "Welfare Services: The Savior's Program," *Ensign,* Nob. 1980, 93.

# Ikaw, ang mga Kabataan, AT ANG Tema ng Mutwal

*Paano tayo maaaring pagkaisahin ng tema ng Mutwal?*

**Ni Jessica Griffith**
Mga Magasin ng Simbahan

Taun-taon inaanyayahan ng mga Young Men at Young Women General Presidency ang mga kabataan na pag-aralan, matutuhan, at ipamuhay ang isang tema mula sa banal na kasulatan na inaprubahan ng Unang Panguluhan. Ang pag-aaral at pagsasabuhay ng mga turo sa tema ng Mutwal ay maaaring magpalakas sa pananampalataya at patotoo at pagkaisahin ang mga korum, klase, at pamilya.



### Ang Tema para sa 2018

Itinuturo ng tema sa taong ito sa mga kabataan kung paano magkaroon ng kapayapaang nagmumula kay Jesucristo. Sa Doktrina at mga Tipan 19:23, nag-anyaya ang Panginoon, **"Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin."** Sa isang mundong puno ng pag-aalinlangan at takot, ito ay isang mabisang pangako.

Ang talatang ito sa banal na kasulatan ay naglalaan ng pagkakataon sa mga magulang, lider, mentor, at guro na magturo ng mga huwaran na magpapatatag sa mga kabataan sa mahihirap na panahon.

### Paano Ko Magagamit ang Tema?

Inanyayahan tayo ng mga Young Women at Young Men General Presidency na isaulo ang talata, pag-aralan ang doktrina, at ipamuhay ang mga alituntunin. Bagama't magagawa ng bawat isa ang mga bagay na ito, ang sama-samang paggawa nito ay makakatulong na pagkaisahin at patatagin ang mga kabataan at ang kanilang pamilya.

Maraming oportunidad para maisama ang tema sa buhay ng ating mga kabataan. Magagamit ito sa family home evening, sa mga lesson sa simbahan at sa seminary, bilang paksa sa mga mensahe ng mga kabataan sa sacrament meeting, para pagyamanin ang Mutual opening exercises, at para magtuon sa mga aktibidad ng mga kabataan, kabilang na ang mga camp, youth conference, sama-samang aktibidad, New Beginning, at debosyonal.


### Mga Ideya para sa Ilang Aktibidad

Narito ang ilang ideya para maisama ang tema ng Mutwal sa buong taon. Para sa iba pang mga ideya, bisitahin ang youth.lds.org.



### "Mag-aral Kayo sa Akin"

*Ang pag-aaral tungkol kay Jesucristo ay mahalaga para magkaroon ng kapayapaan sa Kanya. May kapayapaan at katiyakan sa pagkilala sa Kanya, sa pag-aaral kung paano Siya namuhay, at sa pag-unawa kung ano ang ginagawa Niya para sa atin.*





Nang siya ay 14 na taong gulang, tinanong si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) kung nabasa na niya nang buo ang Biblia. "Marami na akong nabasang aklat noong panahong iyon, ang mga komiks, at mga libangang aklat, ngunit sinasabi sa akin ng nakokonsensiya kong puso, 'Ikaw, Spencer Kimball, hindi mo pa nabasa kahit kailan ang banal na aklat na iyon. Bakit?'"[1] Mula noon, siniguro na ni Pangulong Kimball na "magpakabusog . . . sa mga salita ni Cristo" (2 Nephi 32:3).

- Isiping sabihan ang mga kabataan na magkaroon ng study notebook para itala ang natututuhan nila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.
- Maaari mong anyayahan ang mga kabataan na subukan ang hamon ni Pangulong Russell M. Nelson na "maglaan ng bahagi ng [kanilang] panahon bawat linggo para pag-aralan ang lahat ng sinabi at ginawa ni Jesus ayon sa nakatala sa [mga banal na kasulatan]."[2] Sa klase o sa family home evening, maaari mo silang hilingang magreport tungkol sa natututuhan nila at kung paano nila ito sinusunod sa kanilang buhay.

#### *Resources*

- Santiago 1:22; Moises 1
- "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2.
- Russell M. Nelson, "Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2017, 39–42.
- David A. Bednar, "Ang Pagkataong Tulad ng Kay Cristo," *Liahona,* Okt. 2017, 50–53.



**"Makinig sa Aking mga Salita"**
*Kasama sa pakikinig sa mga salita ng Tagapagligtas hindi lamang ang pakinggan kundi ang dinggin (o sundin) ang mga salita. Malaking kapayapaan at katiyakan ang maaaring magmula sa kaalaman na tayo ay namumuhay alinsunod sa Kanyang mga turo.*



Noong siya ay walong taong gulang, nagpasiya si Pangulong Thomas S. Monson na mag-campfire sila ng kaibigan niyang si Danny. Isa lang ang problema—ang kaparangang gusto nilang gamitin ay tuyo, matinik, at puno ng mga damo. Noon nagkaroon ng ideya ang batang si Pangulong Monson: "Sinabi ko kay Danny, 'Kailangan lang nating sunugin ang mga damong ito. *Sunugin* lang natin ang gitna ng damuhan!' Agad siyang sumang-ayon, at tumakbo ako sa bahay namin para kumuha ng posporo. . . .

"... Naalala ko na naisip ko noon na susunugin lang ng apoy ang gusto naming sunugin at pagkatapos ay basta na lamang mamamatay ang apoy.

"Ikiniskis ko ang posporo sa bato at sinunog ang damo." Nang matanto kaagad na hindi kusang mamamatay ang apoy, patakbong humingi ng tulong ang mga bata, at naapula ang apoy pagkaraan ng ilang oras.

"Natutuhan namin ni Danny ang ilang matitindi pero mahahalagang aral nang araw na iyon," sabi ni Pangulong Monson, "ang malaking bahagi nito ay ang kahalagahan ng pagsunod."[3]

- Sabihin sa mga kabataan na pag-aralan ang pagsunod sa kabanata 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* pati na ang bahaging pagsunod sa aktibiti patungkol sa katangian sa dulo ng kabanata.
- Pag-usapan ang mga bagay na maaaring makagambala sa ating pakikinig sa mga salita ng Panginoon. Halimbawa, maaari mong anyayahan ang mga kabataan na palitan ng 10 minutong pag-aaral ng banal na kasulatan ang 10 minutong panonood.
- Magkaroon ng regular na mga pagkakataong tanungin ang mga kabataan kung ano ang gagawin nila dahil sa natutuhan nila.

### *Resources*

- Exodo 20; Mateo 5:1–12
- "Pagsunod," *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 140.
- Hadley Griggs, "Sampung Minuto sa Isang Araw," *Liahona,* Set. 2017, 58–61.
- Robert D. Hales, "Kung Ako'y Inyong Iniibig, ay Tutuparin Ninyo ang Aking mga Utos," *Liahona,* Mayo 2014, 35–38.



**"Lumakad sa Kaamuan ng Aking Espiritu"**

*Inilalarawan ng pag-aaral at pakikinig kung ano ang kailangan nating gawin. Inilalarawan ng paglakad sa kaamuan ng Kanyang Espiritu kung paano natin ito kailangang gawin.*

Ang ibig sabihin ng pagiging maamo ay "tiisin ang sakit nang may pagtitiyaga at walang pagdaramdam,"[4] isang bagay na nangangailangan kapwa ng lakas at pagpapakumbaba. Noong 1838, tumalikod sa Simbahan si Thomas B. Marsh, ang unang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, dahil sa pagdaramdam na hindi pumanig sa kanyang asawa ang mga pinuno ng Simbahan sa isang alitan tungkol sa gatas. Nang tumanda na siya, tinangisan niya ang mga pagpapalang nawala sa kanya at bumalik siya sa Simbahan, na sinasabing: "Madalas kong ginustong malaman kung paano ako nagsimulang mag-apostasiya, at nahinuha ko na nawala na siguro sa puso ko ang Espiritu ng Panginoon. . . .

". . . Nagalit ako at napoot; at dahil wala na ang Espiritu ng Panginoon, sabi nga sa mga Banal na Kasulatan, nabulagan ako."[5]

- Hindi naging madali ang buhay ng Tagapagligtas. Maghanap ng mga halimbawa sa mga banal na kasulatan ng mga panahon na nagpakita ng kaamuan si Jesus sa harap ng mga hamon. Talakayin kung paano natin magagamit ang halimbawa ng Tagapagligtas sa mga sitwasyong maaaring kinakaharap natin ngayon.
- Ang isang paraan para maging maamo ay sa paglilingkod sa iba. Isipin ang iba't ibang paglilingkod na magagawa ng mga kabataan nang mag-isa o bilang grupo.

### *Resources*

- Kay Tito 3:2–5; Moroni 8:26; Doktrina at mga Tipan 112:13
- Ulisses Soares, "Maging Maamo at May Mapagpakumbabang Puso," *Liahona,* Nob. 2013, 9–11.
- Neal A. Maxwell, "Meekness—A Dimension of True Discipleship," *Ensign,* Mar. 1983, 70–74.



**"Ikaw ay Magkakaroon ng Kapayapaan sa Akin"**

*Maaaring iba-iba ang kahulugan ng kapayapaan sa iba't ibang tao—pag-asang posibleng gumaling, katiyakang may paraan para makaraos sa mahihirap na panahon, o katiyakang tayo ay nasa tamang landas.*



- Hanapin ang mga kuwento kung paano nagkaroon ng kapayapaan kay Cristo ang ibang mga tao sa **Mormon.org/easter** at sa mga pahina 60 at 63 ng isyung ito. Paano kayo nagkaroon ng kapayapaan?
- Isiping panoorin ang 2017 Easter video na, "Pangulo ng Kapayapaan," sa Mormon.org/easter. Maaari mong anyayahan ang mga kabataan na ibahagi ang video online na may kasamang patotoo kung paano sila nagkaroon ng kapayapaan kay Cristo.

### *Resources*

- Juan 14:27; Mga Taga Filipos 4:7
- W. Christopher Waddell, "Isang Huwaran para sa Kapayapaan," *Liahona,* Mayo 2016, 90–93.
- Quentin L. Cook, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," *Liahona,* Mayo 2013, 32–36. ■

**MGA TALA**

1. Spencer W. Kimball, "Read the Scriptures," *Friend,* Dis. 1985, panloob na pabalat sa harap; tingnan din sa "What I Read as a Boy," *Children's Friend,* Nob. 1943, 508.
2. Russell M. Nelson, "Mga Propeta, Pamumuno, at Batas ng Diyos" (pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Ene. 8, 2017), broadcasts.lds.org.
3. Thomas S. Monson, "Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala," *Liahona,* Mayo 2013, 89–90.
4. *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* ika-11 ed. (2003), "meekness," merriam-webster.com.
5. Thomas B. Marsh, sa *Journal of Discourses,* 5:206–7 (tingnan din sa "The Faith and Fall of Thomas Marsh," sa *Revelations in Context: The Stories behind the Sections of the Doctrine and Covenants,* Matthew McBride at James Goldberg, mga editor [2016], 57–59).



# UMUPO SA Kapulungan

## PAGDADALA NG HIGIT NA KAPANGYARIHAN SA MGA MITING NG MELCHIZEDEK PRIEST-HOOD AT RELIEF SOCIETY

**Paunang salita ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol**

*Nang maglingkod ako bilang Apostol, madalas kong bigyang-diin ang kapangyarihan at kahalagahan ng mga council, pati na ang mga stake, ward, auxiliary, at family council. Naniniwala ako na pagpupulong sa mga council ang pinakamabisang paraan para makakuha ng mga tunay na resulta.*

*Sa buwang ito, gumagawa kami ng ilang simple ngunit mahahalagang pagbabago sa kurikulum na pinag-aaralan ng mga miyembro ng mga Melchizedek Priesthood quorum at Relief Society kapag nagpupulong sila sa kani-kanilang organisasyon tuwing Linggo. Bukod sa pag-aaral ng mga salita ng mga buhay na propeta mula sa pinakahuling kumperensya, sama-sama rin tayong "[uupo] sa kapulungan" (D at T 107:89) upang talakayin ang mga isyung kinakaharap natin at ang mga pangangailangan natin.*

*Habang natututo tayong magsanggunian nang mas epektibo, bibiyayaan tayo ng Diyos ng dagdag na daloy ng paghahayag at pang-unawa at higit na kapangyarihan upang maisakatuparan ang Kanyang gawain.*

**Ni Michael Magleby**
Director of Curriculum, Priesthood and Family Department

Bago nilikha ang mundong ito, isinagawa ng Ama sa Langit ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng mga kapulungan (tingnan sa D at T 121:32). Simula kina Adan at Eva, ang mga tao ng Diyos ay humingi ng payo sa



Kanya sa mga council. Sa katunayan, tinukoy ng Diyos ang kanyang Sarili bilang "Taong Tagapayo" (Moises 7:35). Sa pagsisimula ng dispensasyong ito, sinimulang ipanumbalik ni Joseph Smith "ang kaayusan ng mga Kapulungan sa mga sinaunang panahon."[1] Ngayon, ang Simbahan ay pinamamahalaan ng mga council sa lahat ng antas.

Sa nakaraang mga buwan, nagsanggunian ang mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan tungkol sa pagpapatatag ng mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing Linggo. Ang resulta ay isang bagong kurikulum na pinamagatang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society,* na nagpapaibayo sa paggamit ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at nagpapalawak sa kapangyarihan ng pagsasanggunian sa ating mga priesthood quorum at Relief Society.

"Saanman tayo naparoon, marami na tayong nagawang kabutihan," sabi ni Elder Christoffel Golden ng Pitumpu, na tumulong na pamahalaan ang pagbabagong ito. "Ngunit nais ng Panginoon na sumulong tayo. Darating ang pag-unlad dahil sa pagbabagong ito sa pag-aaral ng mga salita ng mga buhay na propeta at pag-upo sa council."

Kamakailan, nagpulong ang Relief Society General Presidency at mga miyembro ng Pitumpu sa council para talakayin kung paano nag-aanyaya ng paghahayag, nagpapaibayo ng pagkakaisa, at naghahatid ng kapangyarihan ang pagsasanggunian. Ibinibigay nila ang sumusunod na mga tuntunin, batid na babatay kayo sa mga ideyang ito habang tinutuklas ninyo ang mga solusyong tama para sa inyo, sa inyong ward o branch, at sa inyong korum o Relief Society.

### Kapangyarihan sa Layunin

*"Yayamang kayo ay sama-samang nagtipun-tipon ng inyong sarili . . . , at sinang-ayunan ang tungkol sa isang bagay na ito, at nagtanong sa Ama sa aking pangalan, kaya naman kayo ay makatatanggap" (D at T 42:3).*

Ang mga council ay isang pamamaraan para tayo ay "sama-samang maghangad ng kalooban ng Panginoon."[2] Sa madaling salita, hindi sapat ang magbahagi lamang ng mga ideya; sa pagsasanggunian, nag-aanyaya tayo ng paghahayag para malaman natin ang nais ipagawa ng Panginoon sa ating sitwasyon. Mas magtatagumpay tayo sa pagkakaroon ng karanasang iyon na makatanggap ng paghahayag kapag tinandaan natin ang mga sumusunod:

1. *Magtuon—magsimula sa isang partikular at makabuluhang isyu o pangangailangan.* Ang pagtutuon sa iisang isyu o pangangailangan ay nagpapaibayo sa kakayahan nating gumawa ng makabuluhang pag-unlad. Ang pagtutuon ay tumutulong din sa atin na makita ang higit pa sa malilinaw na sintomas (ano ang nangyayari) at maghangad ng pag-unawa tungkol sa mga dahilan (bakit at paano nakakaapekto ang isang bagay sa mga tao). Halimbawa, maaari tayong magsanggunian kung paano mag-mentor at ikonekta ang ating mga kabataan sa langit kaysa talakayin ang oras na pinalilipas ng mga kabataan sa katitingin sa screen.

2. *Mga Pananaw—balangkasin ang isyu o pangangailangan sa isang tanong.* Ang isang paksang binuo sa isang tanong ay makakatulong sa paglikha ng pananaw ukol sa doktrina. Maaari nating itanong, "Paano natin malulunasan ang sitwasyon sa nakakatulong at nagpapagaling na paraan?" o "Anong doktrina, kung mas naunawaan, ang makakatulong sa paglutas ng problema?"

3. *Kapangyarihan—maghangad ng paghahayag.* Bagama't maaaring magpalitan ng mga solusyon sa mga council, ang layunin ng council ay tuklasin ang kalooban ng Diyos, hindi lamang para ilista ang pinakamaiinam gawin o sabihin, "Ganito ang ginawa noon sa huling ward ko." Tulad ng itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, hindi natin kailangan ng mga miting; kailangan natin ng mga karanasan sa pagtanggap ng paghahayag.[3] Ang pagsasanggunian ay naghahayag ng mabibisang solusyon na humahantong sa pagkilos.

### Kapangyarihan sa Pakikibahagi

*"Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo" (D at T 88:122).*

Sa mga council, ang mga kapakanan ng mga indibiduwal at ng organisasyon—ang ward o branch—ay nagsasama-sama sa kakaibang paraan, lalo na kung nauunawaan ng mga kalahok ang mga sumusunod:

1. *Bawat miyembro ng council ay may mahalagang tungkulin*. Ang mga miyembro ng council ay dapat makibahagi nang aktibo ngunit hindi mangibabaw sa council. Tulad ng itinuro ni Pablo, "Hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan. Hindi, kundi lalo pang kailangan yaong mga sangkap ng katawan na wari'y lalong mahihina" (I Mga Taga Corinto 12:21–22).

2. *Hinahangad ng mga miyembro ng council na magdagdag ng liwanag*. Itinuro ni Propetang Joseph Smith "na bawat tao, bago tumutol sa anumang bagay na iniharap sa council para pag-aralan, ay dapat tiyaking makapagbigay ng liwanag sa paksa sa halip na magpalaganap ng kadiliman, at na ang kanyang pagtutol ay nakasalig sa kabutihan."[4]

3. *Hinahangad ng mga miyembro ng council na magkaisa*. Sa kabila ng magkakaibang pananaw, nagkakaisa ang mga miyembro ng council sa paghahangad na "tumanggap ng patnubay ng Espiritu Santo."[5] Sinabing minsan ni Joseph Smith sa isang council na "upang makatanggap ng paghahayag at mga pagpapala ng langit, kailangang ituon natin ang ating isipan sa Diyos at sumampalataya at magkaisa sa puso at isipan."[6]

## Kapangyarihan sa mga Planong Gagawin

*"Bawat tao ay makakilos sa doktrina at alituntunin na nauukol sa hinaharap, alinsunod sa moral na kalayaan sa pagpili na aking ibinigay sa kanya" (D at T 101:78).*

Hindi kumpleto ang isang council kung walang mga planong kumilos ayon sa paghahayag na natanggap. Dapat anyayahan ang mga kalahok sa council na gumawa ng partikular na mga pangako na kanilang gagawin. "Sa pagtatapos ng inyong mga council, kailangan kayong magkaroon ng mga assignment," sabi ni Sister Jean B. Bingham, Relief Society General President. "Ang pinakamahalagang gawain ay nangyayari sa pagitan ng mga pulong."

Ginagabayan ng lider ang council para magkaunawaan at magkasundusundo. Pagkatapos ay namumuno siya sa paglikha at pagtatala ng mga assignment na ipa-follow-up kalaunan. Dagdag pa ni Sister Sharon Eubank, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency: "Ang kapangyarihan ay nasa atin. Kapag nangako tayong kumilos, pababanalin ng Panginoon ang ating mga pagsisikap (tingnan sa D at T 43:9). Pagboboluntaryo at pagrereport tungkol sa mga assignment ang diwa ng pagtupad ng tipan."

## Tungkulin ng Lider

*"Ang mangangaral ay hindi nakahihigit kaysa sa tagapakinig, ni ang guro ay nakahihigit kaysa sa magaaral; at sa gayon silang lahat ay pantay-pantay" (Alma 1:26).*

Para mapag-igi ang ating mga council, iwasan natin ang mga makamundong konsepto ng pamumuno. Sa kaharian ng Panginoon, ang lider ay "alipin ng lahat" (Marcos 10:44). Gayundin, ang lider ng council, siya man ay presiding authority o guro, ang nagbibigay ng tuon at hindi ang pinagtutuunan. Iniiwasan niya na siya palagi ang magsalita o magdesisyon bago makinig sa council.

Mahalaga ang tungkulin ng lider ng council sa pagbabalangkas ng layunin, pag-facilitate ng talakayan, at paganyaya sa mga kalahok na mangakong kumilos. Mas gumagana ang council kapag ang lider ng council ay nakikinig, gumagabay, nag-aanyaya, nagpoprotekta, at nagpapatibay.

1. *Nakikinig*. Ang mahuhusay na lider ay nakikinig sa tagapagsalita at sa Espiritu Santo. "Naniniwala ako na ang kaloob na makahiwatig ay mas napapakinabangan," sabi ni Elder Bednar, "kung nakikinig tayo sa halip na nagsasalita."[7]

2. *Gumagabay*. Ginagabayan ng isang lider ng council ang pag-uusap, na tinutulutang mabuo ang mga ideya. Kung kailangan, muling binabalangkas ng lider ang talakayan o mapapagmahal niyang binabago ang direksyon nito.



3. *Nag-aanyaya*. Ikinakalat ng Panginoon ang paghahayag sa mga miyembro ng council. Ang pag-anyaya sa lahat—pati na sa walang imik—na magbigay ng mga ideya ay nagpapaibayo sa potensyal na malaman ang kalooban ng Panginoon.

4. *Nagpoprotekta*. Ang isang lider ng council ay lumilikha ng isang kapaligiran para ligtas at angkop na makapagbahagi sa pamamagitan ng pangangalaga sa mga nagbabahagi at pagprotekta laban sa pamimintas at panghuhusga. Ang mga sensitibong paksa ay nangangailangan ng maingat na patnubay. Nananatiling kumpidensyal ang mga bagay na kumpidensyal.

5. *Nagpapatibay*. Habang nagbabahagi ng mga iniisip at ideya ang mga kalahok, pinagtitibay ng isang lider ang opinyon sa pamamagitan ng pasasalamat at pagkonekta nito sa kaugnay na mga ideya. Ang pagpapatibay



na ito ay tumutulong sa mga kalahok na madama na bahagi sila ng proseso ng paghahayag at magsikap na tiyakin na nakakatulong ang kanilang ibabahagi.

## Bagong Kurikulum, Bagong Pangako

Kasama ng bagong taon at bagong kurikulum na ito ang panahon ng bagong pangako. Biniyayaan tayo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Responsibilidad at pribilehiyo nating hangarin ang Kanyang patnubay at gawin ang Kanyang gawain. Ang pagsulong na ito sa ating mga miting sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing Linggo ay hindi lamang tungkol sa pagkakaroon ng isang lesson tungkol sa gawain; sa halip tayo ay "uupo sa kapulungan" at magtataguyod ng matwid na pagkilos—pagkilos na "i[su]sulong ang maraming tao sa Sion nang may mga awit nang walang hanggang kagalakan" (D at T 66:11). ■

MGA TALA

1. Joseph Smith, sa "Minutes, 17 February 1834," josephsmithpapers.org.
2. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.4.4.
3. Tingnan sa David A. Bednar, "Panel Discussion" (pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno, Nob. 2010), broadcasts.lds.org.
4. *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith (1976), 94.
5. *Handbook 2,* 3.3.2.
6. Joseph Smith, sa "Minutes, 27–28 December 1832," 3, josephsmithpapers.org.
7. David A. Bednar, "Panel Discussion."

## ANO ANG NAIIBA SA MGA MITING NG MELCHIZEDEK PRIESTHOOD AT RELIEF SOCIETY?

Sa unang Linggo ng bawat buwan, ang mga talakayan sa mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society ay pinamumunuan ng isang miyembro ng panguluhan o group leader. Ang mga miting na ito ay mga council kung saan tayo "[nagtu]turuan at [nagpapatibay]" (D at T 43:8) habang nagsasanggunian tayo tungkol sa problema at pangangailangan. Ang mga talakayang ito ay humahantong sa pagkilos—kapwa ng bawat isa at nang magkakasama.

Sa ibang mga araw ng Linggo, nagrereport at nagpa-follow-up tayo tungkol sa ating talakayan at mga assignment. Kung kailangan, gumagawa at nagrerekord tayo ng mga bagong assignment. Ang mga talakayan sa mga miting na ito ay nakatuon sa doktrinang itinuro sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at sa espesyal na mga paksang pinili ng mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan at pinamumunuan ng isang miyembro ng panguluhan, isang group leader, o isang tinawag na guro. Ang ating damdamin sa mga talakayang ito ang nagbibigay ng inspirasyon na kumilos ang bawat isa at magbago.



**Ni Elder**
**M. Russell Ballard**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol



# ANG WALANG-HANGGANG KAHALAGAHAN NG Pamilya

Napakahalaga ng mga templo sa mga Banal sa mga Huling Araw dahil sa loob ng mga ito, ikinakasal ang mga magkasintahan para sa panahon at sa kawalang-hanggan, hindi lamang hanggang paghiwalayin sila ng kamatayan. Tulad ng ipinahayag ng Simbahan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" 23 taong na ang nakararaan, "Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak."[1]

Ipinaliliwanag ng doktrinang ito ang ating matatag na paninindigan tungkol sa pamilya. Naniniwala rin tayo na dapat nating tulungan ang lahat ng tao nang may pag-unawa, pagmamahal, at habag. Ang mensahe ko ay magtutuon muna sa mga doktrinal na dahilan kung bakit napakahalaga ng mga pamilya sa ating Simbahan. Pangalawa, ipaliliwanag ko ang kaugnayan sa pagitan ng mga lubusang pagpapahalaga ng relihiyon sa pamilya at ng kalayaang pangrelihiyon. Sa huli, magmumungkahi ako ng ilang tuntuning gagabay sa pagtulong sa mga tao sa ating paligid, sa kabila ng anumang mga di-pagkakaunawaan o di-pagkakasundo.

*Sa kanyang mensaheng ibinigay sa ikasiyam na World Congress of Families sa Salt Lake City, Utah, USA, sinabi ni Elder M. Russell Ballard na kailangang tipunin ng mga naniniwala sa tradisyonal na kasal ang lahat ng suportang makukuha nila para palakasin at protektahan ang kanilang pananampalataya, pamilya, at kalayaan.*

## Ang mga Paniniwala ng Simbahan tungkol sa Pamilya

Para makapaglaan ng konteksto sa mga paniniwala ng ating Simbahan tungkol sa pamilya, gusto kong banggitin ang mga titik ng awiting madalas kantahin ng ating mga anak na pinamagatang "Sa Langit Ako'y Nanirahan." Binabalangkas ng awiting ito kung saan tayo nanggaling, bakit tayo narito, at saan tayo pupunta. Ito ay tinatawag ng mga Banal sa mga Huling Araw na plano ng kaligtasan—isang walang-hanggang plano ng ating Ama sa Langit.

*Totoo ngang sa langit ako'y nanirahan;*
*Sa piling ng mga taong nagmamahalan.*
*At Ama sa Langit plano ay inilaan,*
*Para sa ating walang hanggang kaligtasan.*

*Isang sapat magmahal kailangan ng Ama*
*Na mamatay nang tayo'y mabalik sa Kanya.*
*Sakripisyong ito nais gawin ni Cristo.*
*Sabi N'ya, "Ama, kal'walhatia'y sa Inyo."*

*Si Jesus ang pinili, at bilang Mesiyas,*
*Kamataya'y ginapi sa Kanyang pangalan,*
*Pag-asang sa hinaharap buhay gaganda—*
*Sa tahanan sa langit sa piling ng Ama.*[2]

Nasasaisip ang awiting ito, hayaan ninyong ipaliwanag ko ang ilang mahahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan na magbibigay-diin sa kawalang-kamatayan at kawalang-hanggan natin at ng ating pamilya.

Bago ang buhay na ito, nabuhay tayo sa piling ng Diyos, na ating Ama sa Langit. Siya ang literal na Ama ng ating espiritu, at tayo ay Kanyang mga espiritung anak. Kaya nga, lahat ng isinisilang sa buhay na ito ay magkakapatid sa espiritu.

"Ang buong layunin ng Diyos—Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian—ay ang magawa nating tamasahin ang lahat ng Kanyang mga biyaya." Ang pagpili nating sundin o suwayin ang Kanyang mga utos ang nagpapasiya sa ating walang-hanggang tadhana. "Si Jesucristo ay sentro sa plano ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, natupad ni Jesucristo ang layunin ng Kanyang Ama at ginawang posible na makamtan ng bawat isa sa atin ang imortalidad at buhay na walang hanggan."[3] Ang kasal at mga ugnayan ng pamilya ay ibinibigkis ng awtoridad ng priesthood upang magpatuloy hanggang sa kabilang-buhay kung tayo ay ikinasal "sa panahon at sa lahat ng kawalang-hanggan" sa templo (D at T 132:7).

Sana'y makatulong sa inyo ang maikling buod na ito upang maunawaan ninyo kung gaano lubos na nakaugnay ang ating teolohiya sa tradisyonal na pamilya. Maaaring magbago ang lipunan, batas, at opinyon ng nakararami, ngunit ang bersyon ng lipunan tungkol sa pamilya ay hindi maaaring palitan at hindi mapapalitan ang layunin at plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak.

Sa mundo ngayon, kung saan ang kasal at ang mga anak ay lalong binabalewala, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi nag-iisa sa pagtukoy sa tradisyonal na pamilya bilang isa sa pinakamahahalagang bahagi ng doktrina nito.

Sinabi ni Pope Francis, "Ginawa Niya [ng Diyos] ang mga lalaki at babae para lumigaya, para makasama sa kanilang paglalakbay ang isang taong bumubuo sa kanila, para magkaroon ng kamangha-manghang karanasang magmahal: magmahal at mahalin, at makitang magbunga ang kanilang pagmamahalan sa mga anak."[4]

Ipinahayag ng Southern Baptist Church: "Ang kasal ay ang pag-iisang dibdib ng isang lalaki at isang babae sa tipan na maging tapat habambuhay. . . . Ang mag-asawa ay pantay ang kahalagahan sa harapan ng Diyos, dahil kapwa sila nilikha sa wangis ng Diyos."[5]

Dahil sa ating mga doktrinal na paniniwala tungkol sa walang-hanggang pamilya at sa mga pahayag ng iba pang kilalang mga pinunong Kristiyano, nagiging madaling maunawaan kung bakit tayo napakatapat sa pangangalaga, pagprotekta, at pagtataguyod sa mga tradisyonal na pamilya.

### Sekular na Suporta para sa mga Opinyon tungkol sa Relihiyon

May mga taong nag-iisip na ang gayong doktrina at mga pahayag ay mga opinyon tungkol sa relihiyon na wala sa katwiran. Gayunman, pinagsikapang tanggapin ng U.S. Supreme Court noong Hunyo 2015 na maaaring may ibang opinyon ang tapat at makatwirang mga tao, kahit sa pagkilala sa pagpapakasal ng magkaparehong kasarian:

"Ang kasal ay sagrado sa mga taong ipinamumuhay ang kanilang relihiyon. . . .

". . . May hindi nailahad na mga reperensya sa kagandahan ng kasal sa mga teksto ng relihiyon at pilosopiya na sumasaklaw sa panahon, mga kultura, at mga pananampalataya, gayundin sa sining at literatura sa lahat ng anyo nito. Nararapat at kailangang sabihin na ang mga reperensyang ito ay batay sa pagkaunawa na ang kasal ay pag-iisang-dibdib ng dalawang taong magkaiba ang kasarian. . . .

". . . Ang kasal, sa kanilang opinyon, ay likas na pag-iisang-dibdib ng magkaibang kasarian na lalaki at babae. Matagal nang pinaninindigan ang opinyong ito—at patuloy na pinaninindigan—nang walang masamang hangarin ng makatwiran at tapat na mga tao dito at sa buong mundo."[6]

Tama ang pagkaunawa ng Supreme Court na patuloy na kinikilala ng maraming tapat at makatwirang tao sa mundo ang tradisyonal na kasal.

### Pananampalataya, Pamilya, at Kalayaan

Nauunawaang maaaring ang opinyon ng makatwiran at tapat na mga tao sa kasal ay sa pagitan lamang ng mga taong magkaiba ang kasarian, kailangang bigyang-puwang ng publiko, at kailangang protektahan ng kalayaang pang-relihiyon, ang mga opinyong iyon. Tunay ngang dahil maaapektuhan ng mga paniniwala sa relihiyon ang pananaw ng mga nananalig sa mismong layunin ng buhay,



ipapaalam ng mga pananaw na iyon kung paano sila makitungo sa lipunan.

Naaalala ko ang balita tungkol sa maliliit na bata na binasahan ng kanilang guro ng kuwento tungkol sa dalawang prinsipeng nag-iibigan. Inilahad ng guro ang materyal na ito nang walang babala o pabatid. Nang hilingin ng mga magulang na ipabatid sa kanila kung babasahing muli ang kuwentong ito sa hinaharap, tumanggi ang paaralan.[7]

Mapapasama ba talaga ang school administrators kapag pinayagan nilang alisin ng mga magulang ang kanilang mga anak kapag salungat sa kanilang mga paniniwala ang mga materyal na itinuturo? Ang desisyon ng paaralan ay parang deretsahang pag-atake sa tungkulin ng mga magulang sa pagpapalaki sa kanilang mga anak.

Nabubuhay tayo sa panahon ng mga kasukdulan. Madalas ay parang mahirap at malayong magkasundu-sundo. Nakakarinig tayo ng mga kuwento ng mga taong nagsikap na maging tapat sa kanilang mga pamantayan, para lang maparatangan ng pagkapanatiko o hindi pagpaparaya o maparusahan nang tila hindi makatwiran.

Karamihan sa halos 200 bansa sa mundo, pati na sa Estados Unidos, ay kinilala ang tanging karapatan ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak nang lagdaan nila ang International Covenant on Civil and Political Rights. Nakasaad sa Article 18 ng treaty na, "Nangangako ang . . . mga Partido . . . na igagalang ang kalayaan ng mga magulang . . . na tiyaking ituro sa kanilang mga anak ang relihiyon at moralidad na naaayon sa sarili nilang mga paniniwala."[8]

Ang proteksyong ito sa karapatang pantao sa buong mundo ay naaayon sa posisyon ng Simbahan, na nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa pamilya: "Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan . . . [at] turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa, [at] sundin ang mga kautusan ng Diyos. . . . Ang mga mag-asawa—ang mga ama at ina—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito."[9]

Maaaring parang laban sa atin ang nananaig na opinyon, pero marami tayong suporta para patuloy na panindigan ang ating mga pananaw tungkol sa tradisyonal na kasal. Iilang mapagkukunan lamang ang aking tinukoy. Marami pang iba.

Kailangan nating tipunin ang lahat ng suportang makukuha natin para palakasin at protektahan ang ating pananampalataya, pamilya, at kalayaan. Ang ilang tao ay aktibong nagsisikap na alisan tayo ng mga karapatang ito. Isang balita ang nagreport na milyun-milyong dolyar ang naibuhos sa pagpapawalang-bisa sa mga proteksyon sa kalayaang pangrelihiyon sa Estados Unidos.[10]

Sa ganitong klaseng mga banta, naniniwala ako na napakaganda ng sinabi ng kasamahan kong si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kahit hangad nating magpakumbaba at umiwas na makipagtalo, hindi natin dapat ikompromiso o pag-alinlanganan ang ating

katapatan sa mga katotohanang nauunawaan natin. Dapat patuloy nating panindigan ang ating mga pinaniniwalaan o mga pinahahalagahan."[11]

Kung tapat ang mga kumakalaban sa atin sa kanilang katapatan sa kahalagahan ng pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay, dapat tayong magtulungang makasumpong ng pakikisimpatiya at kapayapaan. Kapag ipinilit ng isang tao ang kanyang mga paniniwala sa iba, tulad ng nangyari sa mga batang binasahan ng materyal na salungat sa nais ng kanilang mga magulang, nababawasan ang pagkakaiba-iba at nawawala sa ayos ang mga sukatan ng pagkakapantay-pantay. Sa pakikipagkasundo at pagpapaabot ng pagmamahal sa lahat ng anak ng Diyos, na ating mga kapatid, makalilikha tayo ng payapang pagsasama ng iba't ibang mga pamantayan at paniniwala.

## Mga Tuntuning Gumagabay sa Pagmamahal sa Isa't Isa

Ngayong nailarawan ko na ang kahalagahan ng tradisyonal na kasal at na kailangan nating ipagtanggol ang ating mga karapatan, hayaan ninyong ipaliwanag ko kung bakit tayo dapat makisama sa mga taong hindi natin kasundo. Iniutos ni Jesucristo:

"Ngunit masdan sinasabi ko sa inyo, mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo sila na sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti sila na napopoot sa inyo, at ipanalangin ninyo sila na may masamang hangarin sa paggamit sa inyo at umuusig sa inyo;

"Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:44–45).

Tulad ng hindi natin iniiwasan at nararapat iwasan ang mga miyembro ng pamilya na hindi natin kasundo, hindi natin maaari at nararapat na iwasan ang mga taong naiiba sa atin ang itsura o iniisip o ikinikilos. Ipinapakita natin ang ating pinakamabuting pagkatao kapag nagpapakita tayo ng pagmamahal at kabaitan sa lahat ng mga anak ng Diyos. Ipinapakita natin ang ating pagkadisipulo kapag tumatanggi tayong magtaas ng boses, kapag tumatanggi tayong mang-insulto, at kapag pumapasok tayo sa liwasang-bayan na naghahanap ng magagandang resulta sa pamamagitan ng pag-unawa at paggalang sa isa't isa.

Kamakailan ay sinuportahan ng Simbahan ang pagsasabatas na nagbalanse sa mga alalahanin ng komunidad ng LGBT sa mga alalahanin ng mga sumusunod sa mga tuntunin ng tradisyonal na relihiyon. Pinoprotektahan ng pagsasabatas ang mga LGBT mula sa pagkatanggal sa trabaho o hindi paupahin ng bahay dahil sa kanilang kasarian o pagkatao. Kasabay nito, protektado ng matatag na pagsasabatas na ito ang konsiyensya ukol sa relihiyon



at ang karapatang ipamuhay nang lubusan ang mga paniniwala sa relihiyon.[12]

Hindi nakamit ng sinuman sa mga partido ang lahat ng gusto nila, ngunit nabawasan ng pakikipagtulungan natin sa komunidad ng LGBT at sa Utah Legislature ang hindi pagkakasundo sa ating mga komunidad nang hindi ikinokompromiso ang mahahalagang tuntunin.[13] Maaari nating mahalin ang isa't isa nang hindi ikinokompromiso ang personal na mga banal na pamantayan. At makapagsasalita tayo tungkol sa mga pamantayang iyon nang hindi binabalewala ang iba.

Si Jesucristo ang pinakadakilang halimbawa ng pagmamahal sa iba. Ilang oras lamang bago Niya sinimulan ang masakit na proseso ng pagbabayad para sa mga kasalanan ng bawat isa sa atin, nakipagkita Siya sa Kanyang mga Apostol upang makibahagi sa Pista ng Paskua—ang Kanyang Huling Hapunan—at para ibigay sa kanila ang huling mga tagubilin na ibibigay Niya sa buhay na ito. Kasama sa Kanyang mga turo ang nagbibigay-inspirasyon at nagpapabago ng buhay na pahayag na "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa" (Juan 13:34).

Maaari tayong maging partikular at marubdob tungkol sa mga pakinabang ng pagpapakasal ng isang lalaki sa isang



babae nang hindi winawalang-galang o sinasaktan ang mga tao na iba ang paniniwala. Anuman ang paniniwala o kaugalian, bilang magkakapatid dapat nating sikaping unawain ang isa't isa. Alalahanin na sa huli, may asawa man o wala, bawat isa sa atin ay isang kakaibang bahagi ng dakilang plano ng Diyos.

## Konklusyon

Si Propetang Joseph Smith at ang kapatid niyang si Hyrum ay pinaslang noong Hunyo 27, 1844, ng mga mandurumog habang sila ay nakabilanggo. Matapos silang paslangin, nagbanta ang mga mandurumog na uusigin at lilipulin ang mga miyembro ng Simbahan habang itinatayo nila ang Nauvoo Temple. Ngunit nagpatuloy sila kahit batid nila na kailangan nila itong iwanan. Bago sila naitaboy ng mga mandurumog, dumalo sila sa templo gabi't araw para gumawa ng mga sagradong pangako na magbubuklod sa kanila nang walang hanggan bilang mga pamilya.[14]

Sa paglalakbay patungong Salt Lake Valley, malaki ang naging kapalit ng pagdurusa at kasalatan ng mga kanunununuan ko kapwa sa panig ng aking ina at ng aking ama. Pinaghiwalay ng kamatayan ang mga pamilyang pioneer, at sa kabila ng paglilibing sa mga anak, asawa, magulang, lolo't lola, at kaibigan habang naglalakbay sila sa tigang na lupa pakanluran, nagpatuloy sila.

Pinatapang sila ng kanilang pananampalataya sa banal na planong dinisenyo ng mga Magulang sa Langit na nagmamahal sa atin sa gitna ng matitinding hamon. Naghanap sila ng isang lugar kung saan maituturo nila sa kanilang pamilya, nang walang nang-uusig, na mahalin ang Diyos at paglingkuran Siya. Nagpapasalamat ako sa kanila sa pangunguna sa daan.

Ang doktrina at teolohiya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay talagang nagsisimula at nagtatapos sa pamilya. Inuulit ko ang una kong sinabi: naniniwala kami na nabuhay tayo bago tayo isinilang sa mundong ito bilang mga miyembro ng espirituwal at premortal na mag-anak ng Diyos; at na bilang mga anak ng mga Magulang sa Langit, dapat tayong maghandang bumalik habang narito tayo sa lupa upang tanggapin ang mga pagpapalang ipinangako sa mga tumutupad sa mga utos ng Diyos.

Ang kaalamang ito ay maghahanda sa bawat isa sa atin para sa araw na iyon kapag tayo ay namatay at saka natin tiyak na malalaman, pagbalik natin sa banal na presensya ng Diyos, ang tunay na layunin ng Kanyang plano para sa atin. Kaya nga, ayon sa nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa pamilya, "Kami ay nananawagan sa mga responsableng mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan."[15] ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay noong Oktubre 27, 2015.*


**MGA TALA**

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. "Sa Langit Ako'y Nanirahan," *Liahona,* Dis. 2010.
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 53.
4. "Pope Francis's Homily at the Family Synod's Opening Mass," *Catholic Herald,* Okt. 4, 2015, catholicherald.co.uk.
5. "Basic Beliefs: Family," Southern Baptists Convention, sbc.net/aboutus/basicbeliefs.asp.
6. Obergefell et al. v. Hodges, 576 U.S. (2015), supremecourt.gov.
7. Tingnan sa "Teacher, School Sued over Gay Fairy Tale," NPR, Abr. 27, 2006, npr.org.
8. "International Covenant on Civil and Political Rights," Article 18, United Nations Human Rights, ohchr.org.
9. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129.
10. Tingnan sa Kevin Jones, "LGBT Grant-maker Wants to Win Religious Liberty Fight within Three Years," Catholic News Agency, Hulyo 29, 2015, catholicnewsagency.com.
11. Dallin H. Oaks, "Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba," *Liahona,* Nob. 2014, 26.
12. Tingnan sa Dennis Romboy, "LDS Church, LGBT Advocates Back Anti-Discrimination, Religious Rights Bill," *Deseret News,* Mar. 4, 2015.
13. Tingnan sa "Utah Lawmakers Introduce Bill Balancing Religious Freedom and Nondiscrimination Protections," Mar. 4, 2015, mormonnewsroom.org.
14. Tingnan sa *Church History in the Fulness of Times Student Manual,* 2nd ed. (Church Educational System Manual, 2003), 302–04.
15. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129.







*Nang mahirapan sa buhay ang tinedyer na si Amanda, tumalikod siya sa Simbahan sa paghahanap ng mga bagong karanasan. Pagkaraan ng ilang taon, nakadama ng kahungkagan si Amanda. Sinimulan niyang maghanap ng kaligayahan sa isang mahalagang tanong.*

**CODY BELL, RETRATISTA**

# Amanda Jiri

*Cape Town, South Africa*

Mga walong taon akong hindi aktibo. Sa panahong ito, napahalo ako sa mga maling kaibigan. Malubha ang karamdaman ng nanay ko. Talagang malungkot ako. Nakadama ako ng kahungkagan. Naisip ko, "Kailan ako huling naging masaya talaga?"

Pagkatapos ay naisip ko noong nasa Young Women ako. Natanto ko na noon ko huling nadama ang tunay na kaligayahan. Nagpasiya akong magsimbang muli nang sumunod na Linggo. Kinausap ko ang branch president at sinimulan kong magsisi.

Hindi naglaon, tinawag akong tumulong sa Young Women. Nang bigkasin namin ang tema ng Young Women, naalala ko iyon kaagad! Ngayon, tuwing bibigkasin ko ang tema, nakakatanggap ako ng patunay na sa Simbahan ako nabibilang.

**HANAPIN ANG IBA PA**

Tingnan ang iba pa tungkol sa paghahanap ng kaligayahan ni Amanda sa **liahona.lds.org.**

Alamin ang iba pang paraan kung paano lumigaya mula kay Pangulong Thomas S. Monson sa **lds.org/go/11839.**

# MGA SAGOT SA PANALANGIN NG ISA'T ISA

Patapos na ang misyon ko sa Illinois Chicago South Mission nang matanggap ko ang espesyal na pahintulot na bisitahin ang isang dati kong area at maghapunang kasama ng pamilya Tremillo. Naglingkod ako sa kanilang ward nang isang buong taon at napalapit ako sa kanila.

Sa hapunan, hinikayat ako ni Brother Tremillo na magbahagi ng kahit isang mensahe ng kaligayahan sa pag-uwi ko. Sabi niya maglalagay ng isang tao ang Panginoon sa sasakyan kong eroplano na mangangailangan ng tulong ko. Nangako ako na gagawin ko iyon.

Mula noon hanggang sa lisanin ko ang Chicago, ipinagdasal ko ring makatanggap ng katibayan na tatanggapin ng Panginoon ang aking sakripisyo sa pagmimisyon.

Tatlong linggo kalaunan, sumakay ako ng eroplano pauwi. Habang papalapit ako sa aking upuan, tumingala ang taong katabi ko sa upuan. "Imposible!" sabi nito. "Hindi ako makapaniwala."

Ang una kong naisip ay, "Wow, galit siya sa mga Mormon!" Pag-upo ko, sinabi niya sa akin na siya si Kelly at bagong binyag siya. Napakasaya raw niya na isang missionary ang makatabi niya sa upuan. Sinabi sa akin ni Kelly na ang huling taong nakatabi niya sa upuan ay anti-Mormon at masungit sa pagpapahayag ng kanyang opinyon tungkol sa bagong-tuklas na pananampalataya ni Kelly. Nabalisa si Kelly at nagkaroon ng mga tanong. Matagal na niyang ipinagdarasal na masagot siya at mapanatag.


Taimtim akong nagdasal at pinatotohanan ko ang katotohanan ng ebanghelyo at ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak, pati na sa kanya. Sinabi ko sa kanya ang payo sa akin ni Brother Tremillo. Sinabi ko na inihanda ng Diyos ang espesyal na sandaling ito para lang sa kanya.

May luha sa kanyang mga mata, pinasalamatan ako ni Kelly. Sinabi rin niya, "Masasabi ko na isa kang mabuting missionary at na tinatanggap ng Panginoon ang iyong sakripisyo." Sa sandaling iyon, nadama ko ang matinding pagmamahal ng Diyos sa akin. Ako naman ang umiyak. May luha sa aking mga mata, pinasalamatan ko si Kelly at sinabi ko sa kanya na siya ang sagot sa aking panalangin. Sinagot ko ang ilan pang mga tanong niya, at nagpalitan kami ng email address.

Lumapag ang sinasakyan naming eroplano at kumaway kami sa isa't isa bilang pamamaalam habang naglalakad siya papunta sa sumunod niyang eroplano. Lagi akong magpapasalamat na handa ang Ama sa Langit na pagpalain tayo sa magiliw na paraan. ■

Levi Kempton, Arizona, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS



Habang papalapit ako sa aking upuan, tumingala ang taong katabi ko sa upuan. "Imposible!" sabi nito.

# PAG-ASIKASO SA AKING SANGGOL NA MAYSAKIT AT SA AKING TUNGKULIN

Nang tawagin ako bilang counselor sa organisasyon ng Young Women sa aking ward, tinanggap ko ang tawag, ngunit nag-alala ako kung paano ko gagampanan ito. Naramdaman kong hindi ako handa, at nakikipaglaban ako sa isang pagsubok.

Tatlong buwan bago matanggap ang calling na ito, kasunod ang isang maselang pagdadalantao, naisilang ko na ang aking sanggol na lalaking si Nicolas. Kinailangan niya ang palagiang pagpapagamot. Ilang linggo matapos siyang isilang, isang maliit na pulang batik ang lumitaw sa talukap ng kanyang mata at unti-unti itong lumaki. Ipinaliwanag ng aming pediatrician na isang benign tumor iyon at mawawala rin kapag isang taong gulang na si Nicolas. Pero mabilis na lumaki ang tumor. Nasakop nito ang kanyang ocular cavity at magdudulot kalaunan ng permanenteng pinsala sa kanyang paningin kung hindi magagamot.

Mahirap man ay nagdesisyon kaming pasimulan ang chemotherapy. Nagkaroon ng negatibong reaksyon sa panggagamot ang maselang katawan ni Nicolas. Araw-araw siyang nilagnat, tuluy-tuloy ang impeksyon, at bumaba ang kanyang timbang. Napaiyak siya nang husto sa prosesong ito. Humirap nang humirap ang pagganap ko sa aking calling sa ilalim ng mga kundisyong ito. Hindi ko alam kung paano ko ito magagawa.

Salamat na lamang at sinuportahan ako ng aking asawa. Nadama naming dalawa na dapat akong magpatuloy. Sinuportahan din ako ng pangulo ng Young Women. Isa siyang matapat at mapagpasenyang babae. Tinulungan niya akong makita ang mga katangiang hindi ko alam na taglay ko at tinulungan akong humanap ng mga paraan para makapaglingkod na hindi ko naisip noon.

Natulungan ako ng pagsama sa mga kabataang babae bawat linggo na hindi magtuon sa paulit-ulit na iniksyon, pagpapasuri, at pagpapadoktor. Dahil dito hindi ako nagsayang ng oras na maawa sa sarili ko o magtanong kung bakit ito nangyayari sa aking munting anghel. Ang aking calling ay isang pagpapala, at bago ko pa natanto, lumalaki na si Nicolas at tapos na ang panggagamot. Si Nicolas ay naging isang masaya at malusog na bata na puno ng sigla.

Ang paglilingkod sa magigiting na anak na babae ng ating Ama sa Langit ay nakatulong sa akin para mapaglabanan ang damdamin ng kakulangan, makabuo ng walang-hanggang ugnayan ng pagkakaibigan, matuklasan ang aking mga talento, at mapaigi sa aking mga responsibilidad bilang ina at asawa.

Hindi palaging inaalis ng Panginoon ang mga pagsubok sa atin, ngunit alam ko nang buong puso na lagi Siyang handang tumulong para magkaroon tayo ng lakas na harapin ang mga ito. ■

Ariele Queiroz Meyer Fischer, Santa Catarina, Brazil



Humirap nang humirap ang pagganap ko sa aking calling sa Young Women. Hindi ko alam kung paano ko ito magagawa.

# ANG AKING PANALANGIN SA BUBUNGAN

Isang maulang araw ng taglagas, nagpunta ako sa aking attic at napansin ko ang isang tagas. Tumagas ang tubig sa dulo ng mga pinagpakuan sa bubong sa pagitan ng dalawang biga. Noong mga nakaraang taon, marami akong nakumpuni sa bahay ko at hindi ako natakot na sumubok ng mga bagong proyekto. Ngunit sa pagkakataong ito, naharap ako sa mga personal na pagsubok at nawalan ako ng tiwala sa sarili. Pakiramdam ko wala akong lakas-ng-loob na ayusin ang tagas, kahit alam ko na kailangan kong kumpunihin iyon bago magsimula ang taglamig.

Makalipas ang isa o dalawang linggo, umakyat ako sa bubungan dala ang isang utility knife, isang putty knife, at isang caulking gun na puno ng alkitran para sa bubong. Naisip ko na kailangan ko lang makita ang pinagmumulan ng tagas at lagyan ito ng malagkit na alkitran. Ngunit wala akong ideya kung nasaan ang butas. Pinanghinaan ako ng loob. Tumigil ako sandali at nagdasal, na hinihiling sa Panginoon na ituro sa akin ang mismong lugar para maayos ko ang tagas. Umasa ako na ipapakita lang Niya sa akin ang butas. Sa halip, pumasok ang isang salita sa aking isipan: *magsiyasat*.


Hindi iyon ang gusto kong sagot, ngunit nagsimula akong tumingin-tingin sa paligid. Natuon ang mga mata ko sa isang vent. Tinanggal ko ang dalawang maliliit na tisa malapit sa vent at nakita ko ang tila pinagmumulan ng tagas. Tinanggal ko ang tuyo at lumang alkitran at nagtapal ako ng maraming bagong alkitran. Pinalitan ko ang mga tisa, at wala pang isang oras ay natapos ko na ang trabaho. Nawala ang lungkot ko, at gumanda ang pakiramdam ko sa sarili sa nagawa ko para malutas ang problema. Nang sumunod na pag-ulan, tiningnan ko ang attic kung saan may mga tagas at nakita kong tuyo ito!

Naisip ko si Oliver Cowdery, na "[walang inisip] maliban sa [magtanong]" (D at T 9:7). Tulad niya, umasa ako na bibigyan ako ng Panginoon ng agarang sagot sa aking dasal nang walang kahirap-hirap. At naisip ko kung gaano ako sumigla nang kailanganin kong magsikap na "pag-aralan ito" (D at T 9:8)—na magsiyasat. Natutuhan ko na hindi gagawin ng Panginoon ang lahat para sa atin. Tutulungan at gagabayan Niya tayo, ngunit inaasahan ding gagawin natin ang ating makakaya dahil nagdudulot ito ng personal na paglago. ■

Valiant K. Jones, Michigan, USA

Kinailangan ko lang mahanap ang pinagmumulan ng tagas, ngunit wala akong ideya kung nasaan ito, kaya't tumigil ako sandali at nagdasal.

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT



# ITO NA BA ANG KATAPUSAN NG BUHAY KO?

Isa akong malusog na ama noon ng dalawang magagandang anak at asawa ng isang kahanga-hanga at masipag na kabiyak. Maganda ang trabaho ko noon at sigurado ang kita. Tila perpekto na noon ang buhay, ngunit nagsimulang gumuho ang aking mundo nang matuklasan na mayroon akong nasopharyngeal cancer, isang bihirang uri ng kanser sa ulo at leeg.


Naglilingkod ako noon bilang counselor sa bishop, at idinaraos namin ang aming taunang basketball tournament sa simbahan nang magsimula akong makadama ng malubhang sakit. Nagpatingin ako sa doktor, at pagkatapos ng maraming lab test, ipinahayag niya na mayroon akong stage 4 nasopharyngeal cancer. Nag-alala ako at natakot. Naisip ko kung ito na ba ang katapusan ng buhay ko at ano ang mangyayari sa pamilya ko kung mamatay ako. Ang tanging maaasahan ko noon para sa gabay at kapanatagan ay ang panalangin sa Ama sa Langit.

Makalipas ang tatlong araw ng palagiang panalangin, nadama ko na parang may bumulong na mahinang tinig, "Huwag kang matakot."

Mula nang sandaling iyon, nawala na sa isipan ko ang takot sa kamatayan. Mahirap pa rin para sa akin ang mga bagay-bagay. May pagkakataong hindi ako makalunok ng anumang pagkain at hindi ako makatulog sa sobrang sama ng pakiramdam ko, ngunit hindi ako kailanman sumuko o tumalikod sa Diyos—at natulungan Niya ako.

Mahigit 18 taon na akong walang kanser. Hindi ko alam kung gaano katagal ako tutulutang mabuhay ng Diyos, ngunit natutuwa ako na nakapaglilingkod pa rin ako sa aking mga kapatid. Alam ko na hindi tayo kailanman iiwanan o tatalikuran ng ating Ama sa Langit. At kung nais nating tumanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos, hindi natin Siya maaaring iwanan o talikuran. ■

Samson Ho, Hong Kong, China



# Mas Maagang Umuwi Kaysa Nakaplano

**Ni Destiny Yarbro**

Nagmisyon pareho ang mga magulang ko. Sa murang edad narinig ko ang mga kuwento nila tungkol sa kanilang misyon at pinangarap ang araw na makapaglingkod ako sa Panginoon bilang full-time missionary.

Ang paghahanda para sa aking misyon ay naging isa sa pinakamahahalagang sandali ng buhay ko. Naging mas malapit ako sa Panginoon nang higit kaysa rati. Natanggap ko ang aking mission call na maglingkod sa Budapest Hungary Mission at pumasok ako sa Provo Missionary Training Center (MTC), na determinadong ibigay ang lahat sa aking Ama sa Langit.

Ang pamamalagi sa MTC ay isang kakaibang espirituwal na karanasan para sa akin. Habang lalo akong napapalapit sa Panginoon, taos-puso kong ipinagdasal na maging handa akong gawin ang anumang hilingin Niya at ipinangako na buong-puso kong mamahalin ang mga Hungarian.

Nang malapit nang matapos ang paglagi ko sa MTC, nagkasakit ako. Pagkatapos ng maikling panahon sa bahay para magpagaling, binigyan ako ng pagkakataong ipagpatuloy ang aking misyon sa Hungary. Ibinigay ako sa isang napakahusay na trainer, si Sister Sunshine Nestor, na nagturo sa akin kung paano kilalanin ang magigiliw na awa at mga himala ng Panginoon araw-araw.

Pagkaraan ng ilang buwan, muli akong nagkasakit. Kahit patuloy kaming nagtrabaho nang husto ni Sister Nestor, kinailangan kong umuwing muli.

Naisip ko na binigo ko ang Panginoon dahil hindi ako nakapaglingkod ng isang "buong" misyon. Kumbinsido ako na mayroon pang mga Hungarian na "dapat sana" ay naturuan ko kung hindi ako nagkasakit. Naisip ko na baka hindi sapat ang pananampalataya ko para gumaling dahil pinoprotektahan naman ng Panginoon ang Kanyang mga missionary. Hindi ko *kailanman* inisip na ang sakripisyo ko sa Panginoon ay hindi ang ibigay ang isa't kalahating taon ng aking buhay, kundi ang isakripisyo ang uri ng misyon na inasam ko.

**Maraming paraan para patuloy na mapaglingkuran ang Panginoon at makahanap ng kabuluhan pagkatapos umuwi nang maaga mula sa misyon.**

### Ang Paghahanap Ko ng Kabuluhan sa Pag-uwi

Habang pababa ako ng eroplano pauwi, hindi ko maubos maisip na iniwan ko ang pinakamahalagang gawain ng buhay ko sa mission field. Nagtagal ito, ngunit natutuhan ko na may gawain ako sa aming lugar na magbibigay rin ng kabuluhan sa aking buhay.

Anuman ang dahilan ng mas maaga mong pag-uwi mula sa iyong misyon, magpasiya ngayon na gawing





hakbang ang karanasang ito *pasulong* sa iyong pag-unlad, hindi hakbang paurong. Umuwi ako sa kadahilanang medikal, ngunit ang iba ay umuuwi sa iba't ibang dahilan, kabilang na ang pagkakasala. Dahil diyan, maaaring hindi angkop sa iyong sitwasyon ang ilan sa sumusunod na mga ideya. Manalangin sa Panginoon na makahanap ng mga paraan na mapaglingkuran Siya mula sa inyong lugar. Halimbawa, kung umuwi ka dahil may nagawa kang kasalanan at hindi ka pa karapat-dapat na dumalo sa templo, maaari ka pa ring makahanap ng kabuluhan sa regular na paglalakad sa paligid ng templo at pangangako na balang-araw ay babalik ka sa Kanyang banal na tahanan.

Bukod sa pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan, pagdarasal, at pagsisimba, bawat isa sa sumusunod na mga hakbang sa aking paglalakbay ay mahalaga sa aking paggaling.

***1. Pananatiling Konektado***

Ang unang hakbang ko sa paghahanap ng kabuluhan sa buhay ay ang palaging kumonekta sa mga Banal at mga missionary sa Hungary. Matagal-tagal din akong nabuhay para sa mga preparation day kung kailan nakakatanggap ako ng mga email mula kay Sister Nestor at sa mga kompanyon ko sa MTC. Inaamin ko; kung minsan ay hindi madaling basahin ang tungkol sa mga misyon ng mga kompanyon ko o kausapin ang mga Hungarian na labis kong pinangungulilahan. Ngunit kapag ginugunita ko ngayon, natatanto ko na napakahalaga sa aking paggaling na mabalitaan ang mga himalang nangyayari doon.

***2. Indexing Online***

Kinumbinsi ako ng nakababata kong kapatid na lalaki, na magiliw na sinabihan ng magaling kong nanay, na magsimula sa indexing. Sa una ay gumawa lang ako ng mga batch ng mga pangalan para mapayapa siya, ngunit isang araw ay biglang lumitaw sa screen ko ang isang registry ng mga pangalang Hungarian. Damang-dama ko ang Espiritu at tinuruan ako nito kaya nakatulong pa rin akong dalhin ang mga kaluluwa ng mga Hungarian kay Cristo—na nasa *kabila* lamang ng tabing!

***3. Pagtatakda ng mga Mithiin***

Pagkatapos ng misyon, lahat ng mithiin ko sa buhay bago ako nagmisyon ay tila mahirap abutin dahil sa naging kalagayan ng aking kalusugan.

Ngunit sa paglipas ng panahon, natanto ko na may mga mithiin na kaya kong gawin habang nakahiga. Tinawag ko ang mga mithiing tulad ng pagbabasa ng *Jesus the Christ* na "mga mithiing makakamtan habang nakahiga" at araw-araw kong ginawa ang mga ito.

***4. Pagbalik sa Pag-aaral***

Isa sa mga mithiin ko sa buhay bago ako nagmisyon ang makatapos sa kolehiyo. Dahil nahirapan akong pumasok sa klase dahil sa aking karamdaman at palagi akong nagpapatingin sa doktor, hinikayat ako ng tatay ko na kumuha ng mga online class mula sa Brigham Young University Independent Study. Hindi lamang makakamit ang mithiing ito habang nakahiga, kundi natanto ko rin na marahil ay kaya kong gumawa ng iba pang mga mithiin kaysa inakala kong makakaya kong gawin.

***5. Paglilingkod sa Isang Online Mission***

Isang araw sa simbahan, isang sister ang lumapit sa aking nanay at nagsabing, "Alam mo ba na maaaring maglingkod si Destiny sa isang online indexing mission?" Ang di-inaasahang tanong na ito ay sagot sa aking mga dalangin. Nakapaglingkod ako sa Panginoon nang siyam na buwan bilang indexing support Church-service missionary. Ito ay isang misyon na *makakaya* kong gawin!*

***6. Pagtuturo ng Mission Preparation***

Nang gumanda ang kalagayan ng aking kalusugan, nag-aral na ako sa isang community college habang ginagawa ko ang aking online mission. Hinilingan akong magturo ng mission preparation sa kalapit na institute. Tinulungan ako ng pagtuturo na matanto na ang aking pananabik sa gawaing misyonero ay hindi nabawasan at maging ang aking maikling misyon ay naglaan ng maraming karanasan na magiging mahalaga sa aking mga estudyante.

***7. Pagboboluntaryo sa MTC***

Matapos ang matagumpay na pag-aaral sa loob ng isang semestre sa kolehiyo malapit sa aming tahanan, lumipat ako sa Utah, USA, para mag-aral sa BYU. Noong una, halos hindi ako makalakad sa Provo MTC nang hindi ako biglang nakadarama ng magkakahalong damdamin. Ngunit nagsimula akong magboluntaryo nang lingguhan sa MTC at natuklasan ko na nakapagpapagaling ang makilala ang kahanga-hangang mga missionary na ipinadadala sa aking minamahal na Hungary.

***8. Pagsasagawa ng Gawain sa Templo***

Hinilingan ako ng Hungarian sister na si Edit, na nakapaghanda ng halos 150,000 pangalan para sa templo, na dalhin ko ang ilan sa mga pangalang iyon sa templo. Nagalak akong maisagawa ang nakapagliligtas na mga ordenansa para sa mga Hungarian na ito!

## Unti-unting Paggaling sa Pamamagitan ng Kanyang Gawain

Pagmimisyon ang pinakamahalagang pangarap ko sa buhay at, mangyari pa, nadama ko na may nawala sa akin nang umuwi ako nang mas maaga kaysa inaasahan. Matagal-tagal din akong nahirapang pag-usapan ang tungkol sa aking misyon. Kinailangan kong labanan ang damdamin ng kabiguan. Kinailangan kong matutuhan



kung paano pahalagahan ang aking misyon batay sa hangarin kong maglingkod sa halip na sa haba ng panahon ng paglilingkod. Bagama't hindi ko ito natanto noon, bawat isa sa mga hakbang na ito tungo sa pagkakaroon ng kabuluhan sa buhay ay naghatid din ng paggaling.

Ilang taon akong nangamba na ang pagbabalik sa Hungary ay magiging mahirap sa akin. Nang magpunta ako roon, sa pangalawang araw ko lamang natanto na hindi lamang sa wala akong nadaramang anumang pait, kundi naroon din ang damdamin ng nag-uumapaw na kagalakan na makabalik. Noon ko nalaman na binigyan ako ng pagkakataon ng Ama sa Langit na maranasan ang nakapagpapagaling na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Alam ko na ngayon na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang lahat ng bagay ay magiging maayos sa huli. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.*

*Maraming missionary na mas maagang umuwi ang patuloy na naglilingkod bilang mga bata pang Church-service missionary. Makipagkita sa inyong bishop o branch president para sa karagdagang impormasyon.



## ISANG KATANGGAP-TANGGAP NA HANDOG

"Kapag ako ay nagbigay ng kautusan sa sinuman sa mga anak na lalaki [o mga anak na babae] ng tao na gumawa ng gawain sa aking pangalan, at [sila] ay gaganap nang buo nilang lakas at sa lahat ng mayroon sila upang magampanan ang gawaing yaon, at hindi tumitigil sa kanilang pagsisigasig, at ang kanilang mga kaaway ay sumapit sa kanila at hinadlangan silang magampanan ang gawaing yaon, masdan, mamarapatin ko na huwag nang hingin ang gawaing yaon sa mga kamay ng yaong mga anak na lalaki [at mga anak na babae] ng mga tao, kundi tatanggapin ang kanilang mga handog."

**—Doktrina at mga Tipan 124:49**

## MGA TIP PARA SA MGA MAGULANG

Ang sumusunod ay listahan ng mga bagay na isasaalang-alang:

- Hayaang magkaroon ng panahon ang inyong missionary na magdalamhati at maghilom.
- Sabihin nang madalas sa inyong missionary kung gaano ninyo siya kamahal.
- Hikayatin siyang makipagkita nang regular sa inyong stake president at bishop.
- Itanong sa inyong missionary kung gaano karaming impormasyong tungkol sa dahilan ng kanyang pag-uwi ang gusto niyang malaman ng iba.
- Ipaalam sa iba na nakauwi na ang inyong missionary at natutuwa kayong makita siyang muli.
- Bigyan ang inyong missionary ng oras para mapag-usapan ninyo ang tungkol sa misyon, na ibinabahagi kapwa ang magaganda at mahihirap na karanasan.
- Hikayatin ang inyong missionary na ipagdasal kung ano ang susunod na gagawin sa buhay at pagkatapos ay suportahan ang kanyang desisyon kung babalik siya sa misyon.

## MGA TIP PARA SA MGA MIYEMBRO NG WARD

Maaaring mahirap malaman kung ano ang sasabihin kapag ang mga missionary ay umuwi nang mas maaga kaysa inaasahan. Matutulungan ninyo sila sa kanilang transisyon sa buhay sa tahanan sa pamamagitan ng malugod na pagtanggap sa kanilang pag-uwi, pagpapakita ninyo ng pagmamahal sa kanila, at sa pasasalamat sa kanila sa paglilingkod sa misyon.

Maaaring hindi ninyo alam kung bakit nakauwi ang missionary na iyon, at ang dahilan ay maaaring ibang-iba sa inaasahan ninyo. Isaisip na ang proseso ng kanilang paggaling ay sa pagitan nila at ng Panginoon at kailangan lang nilang malaman ang inyong pagsuporta.

Makabubuti para sa mga missionary na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa misyon sa paligid ng mga nakakaunawa. Kilalanin na maaaring kailangan ng ilang panahon bago nila mabanggit ang tungkol sa kanilang misyon. Kung nais mong magbahagi ng kuwento sa klase ang isang missionary, tawagan sila bago iyon at itanong kung magiging komportable silang magbahagi.

## MINISTERING RESOURCES

Matatagpuan ng mga lider ang pang-unawa at mga paraan para matulungan ang mga maagang umuwing missionary online sa **ministering.lds.org.**

# Paano Kayo Tinutulungan ng Institute na Matutuhan ang Ebanghelyo

**Subukan ang tatlong paraan na ito para mas matuto sa inyong mga klase sa institute of religion.**

**Ni Po Nien (Felipe) Chou**
Seminaries and Institutes

"Ang mundo ngayon ay mas mapanghamon kaysa . . . [sa mga taon na] nakaraan," sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Mas maraming gumagambala sa ating mga kabataang lalaki at babae na magpapalihis ng tuon nila sa paghahanda para sa misyon at sa maligayang buhay sa hinaharap." Ngayon, higit kailanman, kailangan nating matutuhan "kung paano makinig at tumugon sa mga bulong ng Banal na Espiritu."[1]

Para matulungan kang maging higit na nakaayon sa espirituwal, ang Simbahan ay naglaan ng mga institute of religion. Ang institute ay makapagbibigay sa iyo ng personal na "makabuluhang mga karanasan sa salita ng Diyos."[2]

Kapag dumadalo ka sa institute, marami kang puwedeng pagpilian na mga klase. Ang mga guro na nakauunawa sa mga pangangailangan at mga tanong ng mga young adult ay tutulong sa iyo na matuto mula sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta sa mga huling araw.

Ang pagbabago kamakailan sa institute ay nagbibigay ngayon sa inyo ng pagkakataong gamitin ang (1) mga course study journal, (2) mga tanong sa kurso, at (3) personal na mga proyekto sa pag-aaral upang maiangat ang iyong pagkatuto at mapalakas ang iyong pananampalataya kay Jesucristo. Tutulungan ka ng tatlong opsiyon sa pag-aaral na ito na gawing personal ang iyong pag-aaral ng banal na kasulatan at matututo ka mismo kung paano kumikilos sa iyo ang Espiritu.


## Mga Course Study Journal

Hinikayat tayo ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol na isulat sa isang journal ang mga espirituwal na impresyong natatanggap natin: "Isulat sa talaang maiingatan ninyo ang mahahalagang bagay na natutuhan ninyo mula sa Espiritu. Matutuklasan ninyo na sa pagsusulat ng mahahalagang impresyon, kadalasa'y mas marami pang dumarating."[3]

Ang mga estudyante ay gumagamit ng journal (sa papel man o sa Gospel Library app) sa klase at sa tahanan para itala ang mga impresyon habang pinag-aaralan nila ang mga banal na kasulatan. Si Jayme Dhennz, isang estudyante sa institute sa Pilipinas, ay nakakita ng mga pakinabang ng pag-iingat ng isang study journal: "Hindi ko kayang kaligtaan na isulat ang mga talata at mensahe mula sa mga banal na kasulatan o mga mensahe ng propeta dahil pinalalawak nito ang aking pagkatuto tungkol sa ebanghelyo."

Gusto ng mga estudyante ni Brother Seiichi Takahashi sa institute sa Nagoya, Japan, ang pagsusulat sa journal dahil tinutulutan nitong "dumaloy nang maayos ang proseso ng pag-aaral" at tinutulungan ang mga estudyante na dumating sa klase na handang matuto at makilahok.

MGA LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES


Sinabi ni Taisia Bartolomeo ng katimugang Italy na, "Sa pagsusulat ng natututuhan ko, mas naaalala ko ang mga konsepto kapag kailangan ko ang mga ito." Ang kanyang kaklase, si Mariaterasa Santoro, ay nagdagdag, "Ang journal ko ay isang bagay na matitingnan ko para maalala ang isang partikular na espirituwal na konsepto o personal na paghahayag."

### Mga Tanong sa Kurso

Ang mga tanong na ibinigay sa simula ng kurso ay nagbibigay sa mga estudyante ng mga paksang pagninilayan at pag-aaralan sa buong kurso. Sa huli, isinusumite ng mga estudyante sa kanilang guro ang kanilang personal na sagot na ginabayan ng Espiritu.

Ipinaliliwanag ni Ilaria Bellomo, isang estudyante sa katimugang Italy na, "Ang mga tanong ang nakapagpaisip sa akin sa aking buhay at sa katotohanan na ang pinag-aaralan ko sa institute ay tumutulong sa akin na mas makilala pa si Jesucristo."

Si Jinseop Jeong, isang estudyante sa institute sa Korea, ay nagsabing, "Ang mga tanong ang tumulong sa akin na pag-isipang mabuti at pagbalik-aralan ang natutuhan ko. Iyon ay mahalagang panahon para rebyuhin, pag-isipang mabuti, at isapuso ang natutuhan ko."

Ang espirituwal na paglago ng mga estudyante ay nakikita sa kanilang mga sagot. Si Sister Seonsim Kang, isang stake institute teacher sa Korea, ay nagsabing, "Napakagandang karanasan para sa akin ang mabasa at malaman ang mga patotoo at iniisip ng mga estudyante."

### Personal na mga Proyekto sa Pagkatuto

Maraming estudyante sa institute ang mapanalanging pumipili ng isang makabuluhang proyektong gagawin. Depende sa kanilang mga kinawiwilihan, ang mga estudyante sa iba't ibang panig ng mundo ay lumikha ng nakatuon-sa-ebanghelyong sining, musika, mga video, at mga social media post. Ang mga proyektong ito ay humihikayat sa mga estudyante na gumawa ng hakbang tungkol sa mga bagay na natutuhan nila sa klase. Halimbawa, pinili ng isang estudyante na ipinta ang isang larawan ng Tagapagligtas kasabay ng kursong "Jesus Christ and the Everlasting Gospel [Si Jesucristo at ang Walang Hanggang Ebanghelyo]."



Isang estudyante na dumadalo sa isang kurso ng "Eternal Family" ang lumikha ng isang proyektong pangtemplo at family history na "humantong sa pagpunta sa templo kasama ang aking lola at mga miyembro ng aking pamilya kung saan sama-sama naming nakumpleto ang mahigit 40 pagbubuklod sa templo na inihanda sa buong semestre. Lalo nitong pinaglapit ang aming pamilya."

Gaya ng binibigyang-diin ni Cenia Avila Organis, isang estudyante sa institute sa Bicol, Philippines, ang paggawa ng isang proyekto sa personal na pag-aaral ay "nagdudulot ng flexibility," nagbibigay sa mga estudyante ng kalayaang matutuhan ang salita ng Diyos at madama ang Espiritu gamit ang sarili nilang mga talento.

### Mas Magandang mga Resulta

Ang paggamit sa mga paraang ito ng pag-aaral ay makapagpapaigi sa inyong pag-aaral ng ebanghelyo at makapagpapalalim ng inyong patotoo. Sa mas masigasig na pag-aaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng mga kurso sa institute, mas mauunawaan ninyo kung paano isagawa ang salita ng Diyos sa sarili ninyong buhay at kung paano pagpapalain ang buhay ng ibang tao. ■

**MGA TALA**

1. M. Russell Ballard, "Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Young Adult," *Liahona,* Mayo 2015, 67.
2. "Teaching with Power," lds.org/si/objective/elevate-learning/teaching-with-power.
3. Richard G. Scott, "Pagtatamo ng Kaalaman at ng Lakas para Gamitin Ito nang Buong Talino," *Liahona,* Ago. 2002, 12.



TEMA NG MUTWAL
PARA SA 2018

# KAPAYAPAAN KAY CRISTO

*Anuman ang inyong sitwasyon, lagi kayong makasusumpong ng kapayapaan kay Jesucristo.*



*Bonnie L. Oscarson, Pangulo (gitna); Carol F. McConkie, Unang Tagapayo (kaliwa); Neill F. Marriott, Pangalawang Tagapayo (kanan)*



*Stephen W. Owen, Pangulo (gitna); Douglas D. Holmes, Unang Tagapayo (kaliwa); M. Joseph Brough, Pangalawang Tagapayo (kanan)*

RETRATO NG YOUNG WOMEN GENERAL PRESIDENCY NA KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY

**Ng Young Women at Young Men General Presidencies**

Sa isang mundong puno ng kaguluhan, paligsahan ng mga mithiin, mga tukso, at nakalilitong mga pilosopiya, hindi laging madaling makasumpong ng kapayapaan. Ngunit ang pangako ng Tagapagligtas na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 19:23 (ang tema ng Mutwal para sa 2018) ay naglalaan ng isang landas tungo sa kapayapaan: "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin."

Bilang Young Women at Young Men General Presidencies, pinatotohanan namin na iyan ay totoo. Nakita namin ito sa sarili naming buhay, at kung tutularan ninyo ito, tutuparin din ng Diyos ang Kanyang pangako na magkakaroon kayo ng kapayapaan sa buhay.

Maaaring nababalisa at nag-aalala ang marami sa inyo tungkol sa inyong kinabukasan. Nag-iisip ang marami sa inyo tungkol sa inyong mga hitsura, kakayahan, at potensyal. Ngunit anuman ang inyong sitwasyon, makasusumpong kayo ng kapayapaan. Hindi ibig sabihin niyan na agad maglalaho ang lahat ng tanong o pag-aalala, kundi madarama ninyo ang payapang katiyakan na magiging maayos ang lahat. Ang pinakamahalaga, madarama ninyo ang pagmamahal ni Jesucristo para sa inyo mismo, at maghahatid iyan ng malaking kapayapaan.

Pag-usapan natin ang bawat bahagi ng talatang ito.

## MATUTO KA SA AKIN

Ang pagkakilala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay mahalagang bahagi ng inyong paglalakbay sa buhay. Sabi ng Panginoon, "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3). Kapag nakilala pa ninyo nang husto si Cristo, mauunawaan ninyo kung gaano Siya kabuti, katalino, kabait, at kung gaano Siya magmahal. Ang inyong pananampalataya sa Kanya ay lalago, at magkakaroon kayo ng mas malaking hangaring sundin Siya at ang Ama sa Langit.

## MAKINIG SA AKING MGA SALITA

Nangungusap sa atin si Jesucristo sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, mga buhay na propeta, at Espiritu Santo. Kailangan tayong magpakabusog, magnilay-nilay, at mamuhay ayon sa mga salitang ito. Sa pag-aaral ninyo ng mga salita ng Tagapagligtas, magtuon sa Aklat ni Mormon dahil ito "ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon," pagtuturo ni Joseph Smith, "at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."[1] Ang matinding paanyaya ni Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2017 na basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw ay makakatulong para mapakinggan at maunawaan natin ang mga salita ni Cristo.[2]

## LUMAKAD SA KAAMUAN NG AKING ESPIRITU

Sinisimulan lamang tayong baguhin ng pakikinig sa mga salita ng Tagapagligtas kapag handa tayong sundin ang mga ito. Kailangan dito ang ating kaamuan. Kailangan nating talikuran ang ating sariling landas at sundan ang Kanyang mga yapak. Kung minsa'y iniisip natin na mas mabuti ang ating landas. Ngunit kapag tayo ay maamo at sumusunod sa Kanya saanman Niya tayo akayin, lagi tayong tatahak sa pinakamabuting landas.

## IKAW AY MAGKAKAROON NG KAPAYAPAAN SA AKIN

Ito ang dakilang pangako: kung gagawin ninyo ang tatlong bagay na ito—matuto, makinig, at lumakad na kasama ng Tagapagligtas—magkakaroon kayo ng kapayapaan sa buhay. Magkakaroon kayo ng katiyakan na ang Diyos ay nasa inyong tabi at babantayan kayo, sa kabila ng anumang mga takot, kawalang-katiyakan, o kahinaan ninyo. Maaari kayong magkaroon ng tiwala—hindi lamang sa inyong sarili kundi maging kay Jesucristo at sa Kanyang pagmamahal at kapangyarihan.

Inaanyayahan namin ang lahat ng kabataan ng Simbahan na isaulo ang talatang ito. Gamitin ito bilang gabay sa inyong buhay. Kapag pinalibutan kayo ng mga abu-abo ng kadiliman at tila napakalawak nito, maaalala ninyo ang talatang ito, matutularan ninyo ito, at maiaangkla ninyo ang inyong sarili sa sigurado at tiyak na pundasyon ni Jesucristo. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 74.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon," *Liahona,* Mayo 2017, 86.




MATUTO KA SA AKIN, AT MAKINIG SA AKING MGA SALITA;
LUMAKAD SA KAAMUAN NG AKING ESPIRITU,
AT IKAW AY MAGKAKAROON NG KAPAYAPAAN SA AKIN.

DOKTRINA AT MGA TIPAN 19:23

# Doktrina at mga Tipan 19:23

*Inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith ang ilang mga susi sa pagtanggap ng kapayapaan kay Jesucristo.*



### 1 MATUTO KA SA AKIN

Alam natin na itong 'guro na nagbuhat sa Diyos' [Juan 3:2] ay hindi lamang isang guro. Siya na nagturo sa atin na mahalin ang ating Panginoong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, buong lakas, at buong isipan, at mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili, ang Dalubhasang Guro at Uliran ng sakdal na buhay. . . .

"Kapag tumutugon tayo sa magiliw na paanyaya ng Panginoon, na 'Mag-aral kayo sa akin,' nagiging kabahagi tayo ng Kanyang banal na kapangyarihan."

Pangulong Thomas S. Monson, "Mag-aral Kayo sa Akin," *Liahona,* Mar. 2016, 4, 6.

### 2 KAAMUAN

Kasama sa pagiging maamo ang pagiging "matiyaga sa pagdurusa" (Guide to the Scriptures, "Meek, Meekness," scriptures.lds.org). Kung buong kaamuan nating titiisin ang ating mga pagsubok nang hindi nagkakaroon ng sama-ng-loob sa Diyos, hindi lamang tayo magbabalik-loob, kundi pagagalingin din Niya tayo (tingnan sa D at T 112:13).

### 3 LUMAKAD

Ang pagkatuto at pakikinig ay kailangan upang tunay na masunod si Jesucristo. Ngunit ang mga iyon ay hindi pa sapat. Kailangan din tayong lumakad, o kumilos, alinsunod sa natututuhan at naririnig natin.

"Laging ito ang tamang panahong mamuhay sa Kanyang landas. Hindi pa huli ang lahat" (Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Landas Tungo sa Pagkadisipulo," *Liahona,* Mayo 2009, 77).

1 2 6

23 Matuto ka sa akin, at maki-
nig sa aking mga salita; [a]luma-
kad sa [b]kaamuan ng aking Espi-
ritu, at ikaw ay magkakaroon ng
[c]kapayapaan sa akin.

5 4 3

### 4 AKING ESPIRITU

Ang kaamuan ay nagdadala ng "pagdalaw ng Espiritu Santo" (Moroni 8:26) at ito ay "bunga ng Espiritu" (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23).



### 5 KAPAYAPAAN SA AKIN

"Ang kapayapaan ay hindi matatagpuan sa pagkakamit ng malaking kayamanan, kapangyarihan o katanyagan. Ang kapayapaan ay hindi matatagpuan sa mga kasiyahan, paglilibang, o paglilibaliw. Wala sa mga ito, natamo man ito nang sagana, ang makapagdudulot ng walang hanggang kaligayahan o kapayapaan.

". . . Ang Tagapagligtas . . . [ang] siyang pinagmumulan at Diyos ng kapayapaan. Siya ang 'Prinsipe ng Kapayapaan' [Isaias 9:6]."

Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," *Liahona,* Mayo 2013, 34.

### 6 MAKINIG SA AKING MGA SALITA

Ang pakikinig ay mahalaga sa pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo. "Ang [pananampalataya'y] nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo" (Mga Taga Roma 10:17).

"Ang mga anak ng Diyos ay dapat matutong makinig, at pagkatapos ay makinig upang matuto mula sa Panginoon" (Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Listen to Learn," *Ensign,* Mayo 1991, 24).

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

*Theme Song ng Mutwal para sa 2018*

# KAPAYAPAAN KAY CRISTO


Mga titik at himig ni
Nik Day






© 2017 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa tahanan o simbahan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.





**Ni Pangulong Russell M. Nelson**
Pangulo ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# Pag-aralan ang MGA SALITA NG TAGAPAGLIGTAS

*Hindi lamang mas malaki na ang patotoo ko ngayon sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, kundi muling pinagtibay sa akin ang matibay kong paniniwala na ang sistemang ginamit ni Joseph Smith sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay isang kaloob mula sa Diyos.*

Sa pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult noong Enero 2017, hinamon ko ang mga nanonood noon na dagdagan ang kanilang patotoo sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-uukol ng oras bawat linggo para:

- Pag-aralan ang lahat ng sinabi at ginawa ni Jesus na nakatala sa Lumang Tipan.
- Pag-aralan ang Kanyang mga batas na nakatala sa Bagong Tipan.
- Pag-aralan ang Kanyang doktrina na nakatala sa Aklat ni Mormon.
- Pag-aralan ang Kanyang mga salita na nakatala sa Doktrina at mga Tipan.

Nangako ako sa mga nakikinig noon na kung itutuloy nilang pag-aralan ang lahat ng makakaya nilang pag-aralan tungkol kay Jesucristo, ang kanilang pagmamahal sa Kanya at sa mga batas ng Diyos ay lalago at hihigit pa sa inaakala nila ngayon.

Ang hindi ko nabanggit sa mensaheng ito ay na alam kong totoo ang pangakong ito dahil kasalukuyan kong kinukumpleto ang mismong gawaing ito sa unang pagkakataon.

Noong Disyembre 1, 2016, nagkaroon ako ng isang bagong set ng mga banal na kasulatan at sinimulan ang gawain ding ito na kalaunan ay ipaaabot ko sa mga young adult noong Enero. Nang matapos ko ang gawain makalipas ang anim na linggo, nahanap at namarkahan ko ang mahigit 2,200 na mga pagbanggit mula sa apat na aklat ng banal na kasulatan.[1]



*Makalipas ang anim na linggong pag-aaral, nakumpleto ni Pangulong Nelson ang kanyang assignment.*

*Iniukol ko ang malaking bahagi ng aking 93 taon sa pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas, ngunit bibihira ang mga pagkakataon na ang natutuhan ko ay kasindami ng natutuhan ko sa anim na linggong ito ng pag-aaral.*

Maaari ninyong panoorin o basahin ang debosyonal ni Pangulong Nelson noong Enero 2017 sa pamamagitan ng pagklik sa "worldwide devotional" sa **lds.org/broadcasts.**

Para sa akin, kapana-panabik ang maisagawa ang gawaing ito!

Ang isang bagay na natuklasan kong pinakanagbigay ng kabatiran ay na nagkukuwento sa atin ang Tagapagligtas tungkol sa Kanyang sarili sa iba't ibang kapanahunang ito—sa Lumang Tipan, sa Bagong Tipan, sa panahon ng Pagpapanumbalik, at sa ating panahon. Sa lahat ng aklat ng banal na kasulatan, iisa ang kuwento at iisa ang Nagkukuwento.

Iniukol ko ang malaking bahagi ng aking 93 taon sa pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas, ngunit bibihira ang mga pagkakataon na ang natutuhan ko ay kasindami ng natutuhan ko sa anim na linggong ito ng pag-aaral. Sa katunayan, napakarami kong natutuhan tungkol sa Kanya mula sa pag-aaral na ito kaya balak kong ibahagi ang marami dito sa iba pang paparating na mga mensahe na inihahanda ko sa ngayon.[2]

Sa pagsisimula ng assignment na ito, hindi ko inasahan na tutulungan ako ng pag-aaral na ito na makatanggap ng bagong patotoo tungkol sa kabanalan ng gawain ni Joseph Smith—ngunit gayon ang nangyari! Ang mga paghahayag na itinala ni Joseph Smith at ang mga kabatirang matatagpuan sa Biblia ay kahanga-hangang magkakatugma. Talagang naliwanagan ako nang makita ko ito sa aking pag-aaral.

Hindi maaaring nagkaroon ng oras si Joseph Smith para maiugnay at mai-cross-reference sa Biblia sa bilis ng pagsasalin niya noon ng Aklat ni Mormon—ngunit naritong lahat!

Kaya hindi lamang mas lumaki ang aking patotoo ngayon sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, kundi muling pinagtibay sa akin ang matibay kong paniniwala na ang sistemang ginamit ni Joseph Smith sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay isang kaloob mula sa Diyos.

Ngayon, natatanto ko na siguro iniisip ng ilan sa inyo na malamang ay hindi kayo magkakaroon ng oras para makumpleto ang assignment na tulad nito.

Alam ko kung ano ang inyong nadarama. Ganyan din ang iniisip ko noon—na hindi ako magkakaroon ng oras na gawin ang lahat ng ito. Kinailangan kong paalalahanan ang sarili ko na ang komentaryong tulad nito ay hindi komentaryong bunga ng pananampalataya. Ang komentaryong bunga ng pananampalataya ay "Alam kong wala akong oras para dito, ngunit paguukulan ko ito ng panahon. At gagawin ko ito ayon sa dami ng oras na mayroon ako."

Bawat isa sa atin na tumatanggap sa hamong ito ay makakatapos sa sarili nating takdang oras. Para sa akin, malaking bahagi ng kagalakan dito ay nagmula sa pagtapos ko nito sa loob lamang ng anim na linggo. Ang masusing pag-aaral na ito sa maikling panahon ay nagtulot sa akin na mapahalagahan ang pagtutugma ng mga pag-aaral na matatagpuan sa Lumang Tipan, sa Aklat ni Mormon, sa Bagong Tipan, at sa Doktrina at mga Tipan.

Kayo na nakadarama na wala kayong oras o panahon, kung magsasakripisyo kayo, kayo ay gagantimpalaang mabuti at labis na magpapasalamat sa pagbabago ng pananaw, dagdag na kaalaman, at mas lumalim na pagbabalik-loob. Alam kong totoo ito dahil nakita ko rin ang mga gantimpalang ito sa aking buhay.


Gaya ng nabanggit ko sa debosyonal, sa darating na araw, haharap kayo sa Tagapagligtas. Mag-uumapaw ang damdamin ninyo sa punto na maiiyak kayo na napunta kayo sa Kanyang banal na presensya. Mahihirapan kayong makahanap ng mga salita para pasalamatan Siya sa pagbabayad ng inyong mga kasalanan, sa pagpapatawad sa inyo sa anumang hindi magandang nagawa ninyo sa iba, sa pagpapagaling sa inyong mga sugat at kawalan ng katarungan ng buhay na ito.

Magpapasalamat kayo sa Kanya sa pagbibigay sa inyo ng lakas para magawa ang imposible, sa pagiging kalakasan ng inyong mga kahinaan, at sa paggawang posible na makapamuhay kayong kasama Niya at ng inyong pamilya magpakailanman. Ang Kanyang pagkakakilanlan, Kanyang Pagbabayad-sala, at Kanyang mga katangian ay magiging personal at tunay sa inyo.

Ngunit hindi kayo kailangang maghintay sa panahong iyon. Piliing maging isa sa Kanyang mga tunay na disipulo ngayon. Maging isa sa mga tunay na nagmamahal sa Kanya, na talagang gustong maglingkod at mamuno na tulad ng ginawa Niya. Ipinapangako ko na kung pag-aaralan ninyo ang Kanyang mga salita, ang kakayahan ninyong maging higit na katulad Niya ay madaragdagan. Alam ko na ito ay totoo. ■

*Mula sa artikulo sa lds.org/blog.*

*"Kayo na nakadarama na wala kayong oras o panahon, kung magsasakripisyo kayo, kayo ay gagantimpalaang mabuti."*




*Si Pangulong Nelson ay nag-aral ng mga mahigit 2,200 na mga banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo.*

**MGA TALA**

1. Gaya ng iminungkahi ni Pangulong Nelson sa kanyang debosyonal, maaari kang sumangguni sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan para sa mga sanggunian sa ilalim ng paksang "Jesucristo."
2. Tingnan sa mensahe ni Pangulong Nelson sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2017 na, "Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay."



*Para kay Will, ang pagpiling huwag maglaro ng football sa araw ng Linggo ay nangangahulugan ng pagpili na huwag maglaro sa isa sa mga pinakamagaling na koponan.*



BACKGROUND AT PAGLALARAWAN NG BOLA MULA SA GETTY IMAGES





# FOOTBALL, MGA LINGGO, AT ESPIRITUWAL NA PAGKAKAMALI

**Ni Charlotte Larcabal**
Mga Magasin ng Simbahan

Noong bata pa ako, kaming magkakaibigan ay may isang laro na tinatawag na "Talon o Dive." Karaniwan, ang kailangan mo lang ay isang malalim na pool o lawa at isang bagay na pagtatalunan, gaya ng diving board. Para makapaglaro, tatalon ka mula sa diving board. Sa mismong sandaling iyon, may sisigaw ng, "talon," na ibig sabihin ay kailangan mong bumagsak sa tubig na una ang paa, o "dive," na ibig sabihin ay kailangan kang bumagsak sa tubig na una ang kamay, sa pagsisid.

Kapag sinubukan mong sumirko sa ere, karaniwan ay nagmumukha kang namamayagpag na pretzel o nagda-dive ka sa tubig na una ang tiyan.

Ang buhay ay hindi kailangang maging isang laro na "Tumalon o Mag-dive." Makakagawa ka ng maraming desisyon nang mas maaga at makakaiwas sa maraming pagkakamali. Ang propetang si Josue ng Lumang Tipan ay hindi nagsabing, "Pumili ka bago maging huli ang lahat." Ang sabi niya, "Piliin ninyo *sa araw na ito* kung sino ang inyong paglilingkuran" (Josue 24:15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Si Will W., 14, na taga San Francisco, California, USA, ay malamang na hindi nagkakaroon ng maraming espirituwal na pagkakamali dahil naniniwala siya sa mga pagpili bago ang huling sandali.

"Kung pipiliin mong gawin o hindi gawin ang isang bagay bago pa ito mangyari, nagiging mas madali ang mga bagay-bagay," sabi niya. "Halimbawa nagpunta ka sa isang party at may nag-alok sa iyo ng inumin. Kung doon mo mismo pipiliing tanggapin ito o hindi, baka matukso kang tanggapin ito. Ngunit kung matagal ka nang nagdesisyon na hindi ang isasagot mo sa sinumang mag-aalok sa iyo ng inumin, mas makatitiyak ka sa iyong sarili. Ni hindi ka magkakaroon ng pagkakataong matukso. Sasabihin mong hindi dahil matagal ka nang nagpasiya tungkol dito."

Sinasabi ng tema ng Mutuwal sa 2018 na, "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin" (D at T 19:23). Para kay Will, ang kapayapaan ay nangangahulugang pagkakaroon ng kumpiyansa sa pagpili ng tama at hindi pag-aalala tungkol sa mga negatibong puna ng ibang tao. Ang kapayapaan ay nadarama ni Will sa paggawa kaagad ng desisyon na pakinggan—at sundin—ang mga salita ni Jesucristo.

"Kung minsan tinutukso ako ng mga bata dahil sa ginagawa ko o hindi ko ginagawa, ngunit hindi ako masyadong nababahala dahil matagal na akong nagdesisyon na sa gayong paraan ako mamumuhay," sabi niya.

Isa sa mga matagal nang pinagdesisyunan ni Will at ng kanyang pamilya ay ang panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Medyo naging mahirap iyon nang manguna ang football team ni Will. Ngunit, tulad ni Nephi, naniniwala ang kanyang pamilya na "ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila" (1 Nephi 3:7).

Para kay Will, ang football ay tungkol sa lahat ng bagay. Gaya ng sinasabi ng kanyang ina, "Kumakain siya, umiinom, natutulog, at gustung-gusto niya ng football. Ito ang hilig niya at napakahusay niya."

Kaya't nang makasali si Will sa isa sa mga nangungunang team o koponan sa lugar, tuwang-tuwa siya. Ang problema lang: maraming laro ang team o koponan kapag Linggo. Karamihan sa mga team o koponan ay hindi tatanggapin ang isang manlalaro na hindi makakayang maglaro sa bawat Linggo. Ang pagpiling huwag maglaro sa araw ng Linggo ay maaaring mangahulugan na mawala siya sa koponan.

Ngunit matagal nang ginawa ni Will ang desisyong iyon. Pananatilihin niyang banal ang araw ng Sabbath.

Sama-samang nagdasal si Will at ang kanyang pamilya at sinabi sa Ama sa Langit ang hangarin nilang sundin ang Kanyang mga utos at humingi sa Kanya ng tulong. At kinausap ni Will at ng kanyang ina ang mga coach ng team tungkol sa kanilang pinaniniwalaan. Nagulat sila na gusto ng mga coach na kasama si Will sa team kahit na hindi siya naglalaro kapag Linggo!

"Alam ko na kapag iginagalang ko ang Sabbath, pinagpapala ako," sabi ni Will. "Maaaring hindi ako makapaglaro sa maraming laro gaya ng iba, ngunit nakita ko ang mga pagpapala, tulad nang bigla na lang malilipat ng ibang araw ang mga laro sa Linggo. Naiisip ko rin na mas maganda ang laro ko dahil may isang araw ako ng pahinga."

Lalo pa itong gumaganda. Hindi nagtagal ay nalaman ni Will na ang isa sa kanyang mga kasama sa team ay miyembro din ng Simbahan. Makalipas ang ilang buwan nang magkasamang paglalaro, sinundan ng batang iyon ang halimbawa ni Will at tumigil na rin sa paglalaro sa araw ng Linggo.

Kung sa pakiramdam mo ay hindi mo natatanggap ang mga pagpapala ng pagsunod, iyan ay maaaring dahil sa hindi mo nakikita ang lahat ng inilalaan ng Ama sa Langit para sa iyo. Ang pagdedesisyon na pakinggan ang mga salita ni Cristo at paglingkuran ang Panginoon ay palaging ang tamang desisyon, kaya't gawin na ito ngayon!

"Nakikiusap ako na magpasiya na kayo rito, ngayon mismo, na huwag lumihis mula sa landas na hahantong sa ating mithiin: ang buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson ("Ang Tatlong Prinsipyo ng Pagpili," *Liahona,* Nob. 2010, 68).

Ang buhay ay hindi kailangang maging isang laro na "Talon o Dive." Huwag makipagsapalaran sa espirituwal o anumang uri ng pagkakamali. Magpasiya ngayon na sumunod kay Jesucristo at tamasahin ang kapayapaang hatid Niya sa inyong buhay. ■





# *Ang* KAPITBAHAY KONG KAKAIBA

Ni Samantha Best

*Malungkot ang buhay ko noon, ngunit ang pagsisimba kasama ng aking kapitbahay ang nagpabago sa lahat.*

Ilang taon na ang nakalilipas, lungkot na lungkot ako dahil dama kong wala akong makausap. Nakatira sa malayo ang pamilya ko at wala akong mga kaibigan, kaya't wala na akong makitang dahilan para mabuhay pa.

Nakatira ako noon sa aking tiya at tiyo, at ang tanging sinabi nila sa akin na huwag gawin ay ang makipag-usap sa kapitbahay. Sinabi nilang kakaiba siya, at gumawa sila ng mga kuwento tungkol sa kanya na ikinatakot ko.

Gayunman, isang Sabado, siya at ang dalawang batang babaing tinedyer na kaedad ko ay nagpatulong sa akin na gumawa ng bakod. Pumayag ako at nagtrabaho.

Matapos pagmasdan ang mga batang ito, napag-isip ko na mababait sila, kaya nagsimula akong makipag-usap sa kanila, na nauwi sa usapan tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Napakarami kong mga tanong, na sinagot nila. Naging interesado ako. Inimbita ako ng kapitbahay ko na sumama sa kanyang magsimba kinabukasan para malaman kung magugustuhan ko ito. Lungkot na lungkot ako noon sa buhay ko, kaya naisip ko na wala namang mawawala sa akin.

Sa pagdaan sa mga pintong iyon kinabukasan nang umaga, nakadama agad ako ng kapayapaan ng kalooban na hindi ko maunawaan, ngunit alam kong sa simbahang ito ako dapat mapabilang. Ipinakilala ako sa mga missionary nang umagang iyon, at nakita ko kung paano nila *nalaman* na ang Simbahan ay totoo.

Nagsimula akong makinig sa iba't ibang lesson mula sa mga missionary. Iyon na ang pinakamagandang panahon para hilingin ko sa Ama sa Langit na ipadala sa akin ang dalawang missionary na iyon na mapagmahal, mapagmalasakit at espirituwal. Sa tulong nila nagkaroon ako ng kaalamang taglay nila tungkol sa ebanghelyo.

Matapos pakinggan ang pagbabahagi nila kung paano sila natulungan ng kanilang kaalaman tungkol sa Ama sa Langit sa mga pagsubok, nadama ko na dapat akong magdasal para malaman kung totoo nga ang sinabi nila. Pagkatapos magdasal, nakadama ako ng matinding kaligayahan, kapayapaan, at kapanatagan sa aking kalooban. Alam kong natanggap ko ang sagot sa akin nang gabing iyon sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Sa pagkakaroon ng ganitong kaalaman, mabilis na lumago ang aking patotoo. Simula nang sumapi ako sa Simbahan noong 2013, talagang nakita ko ang mga pagpapala na ibinigay sa akin ng kaalaman tungkol sa ating Ama sa Langit. Nagpapasalamat ako sa mga missionary at sa kapitbahay ko sa pag-imbita sa akin na lumapit kay Cristo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Victoria, Australia.*

PAGLALARAWAN NI RAFAEL MAYANI



# GINAMIT KO ANG AKING PANANAMPALATAYA

Ang pakikipaglaro ko ng ping-pong sa kaibigan kong si Erfrey ay natigil dahil sa tatlong katok sa pinto sa harap ng kanyang bahay. Narinig ko ang isang hindi pamilyar na tinig na may kakaibang punto ng Hiligaynon, na aking katutubong wika.

Mabilis na lumapit si Erfrey sa pinto, halatang inaasahan ang pagdating nila. "Halika!" sabi niya sa akin. "Ipapakilala kita sa mga kaibigan ko!"

Nakasuot sila ng puting polo at nakakurbata at nagpunta para turuan ang nakababatang kapatid ni Erfrey para ihanda siya sa binyag. Kinausap ko sila sa Ingles, at humanga sila, sapat upang hilingin na kung maaari ay mag-interpret ako habang tinuturuan ang kapatid ni Erfrey.

Akala ko basta magiging interpreter lang ako. Ngunit ako ay naging aktibong participant habang natatanim sa puso ko ang kanilang mga salita. Nagkaroon ako ng hindi maipaliwanag na pakiramdam noon, isang masayang damdamin na noon ko lamang nadama.

Matapos ang karanasang iyon, inanyayahan ko ang mga missionary na turuan ang aking pamilya. Ngunit nang dumating sila, nanindigan ang aking mga magulang na hindi kailan man magkakaroon ng puwang ang isang Mormon sa aming pamilya.

Gusto kong magpabinyag, kaya't ginamit ko ang aking pananampalataya. Ako ay nag-ayuno at nanalangin. Sinikap kong maging halimbawa sa kanila.

Makalipas ang dalawang taon, sa pamamagitan ng simple kong pananampalataya at sa mapagmahal na suporta ng aking Ama sa Langit, lumambot din sa wakas ang puso ng aking ama at pinirmahan niya ang pahintulot para mabinyagan ako. Natutuwa akong sabihin na ang patotoo ko sa ipinanumbalik na ebanghelyo ang pinakamahalaga kong pag-aari. ■

Arnel M., Negros Occidental, Philippines

# MULA SA PRIMARY TUNGO SA YOUNG WOMEN

Noon pa man ay palagi na akong nahihirapang makibagay sa bagong mga situwasyon. Kaya nga kabado ako noong iwan ang Primary at magsimula sa Young Women. Noong una ay nanibago ako sa iskedyul. Ang Young Women ay talagang kakaibang kapaligiran—walang oras ng kantahan, walang oras ng pagbabahagi. Mayroon din kami noong Mutuwal kada linggo.

Gusto ko lang maging kabilang ako at maging komportable, kaya't sinikap kong mag-adjust sa bagong iskedyul. Nagdasal ako nang nagdasal, at nagsimula akong mag-adjust sa bagong gawain at sa pakikihalubilo sa iba pang mga kabataang babae.

Sa paglipas ng mga linggo, nagsimula kong matanto kung bakit ako nasa Young Women program. Mas marami akong natututuhan tungkol sa ebanghelyo, nagkakaroon ako ng mas maraming pagkakataon upang magkaroon ng kaunting kabutihan sa bawat linggo, at nagawa kong makapunta sa templo at nadama ang Espiritu ng Panginoon sa Kanyang tahanan.

Ngayo'y labis ang pasasalamat ko para sa Young Women. Masaya ako na binigyan ko ng pagkakataon ang pagbabagong ito at tinulungan ako ng aking Ama sa Langit na gawin ito. ■

Bethany W., Florida, USA

# ISANG MALINIS NA ESPIRITU: MAS MAHALAGA KAYSA ISANG PALIGSAHAN

Sa ikawalong grado ay kasali ako sa isang book club. Nagkikita-kita kami noon bawat buwan para pag-usapan ang isang aklat, at sa pagtatapos ng taon ay may paligsahan kami para malaman kung aling team ang pinakamaraming alam tungkol sa bawat aklat. Ang isang patakaran na palagi naming sinusunod noon ay malilinis na aklat lamang ang basahin.

Isang buwan, nang simulan kong basahin ang kasunod na aklat, nadama ko na parang hindi ito malinis. Ngunit kailangan kong basahin ito kung gusto kong manalo sa paligsahan ang aking team. Hindi ko sila maaaring biguin. Makalipas ang ilang kabanata, lumala ang nilalaman ng aklat. Sa huli, ibinaba ko ito. Alam kong hindi ko ito maaaring basahin—ang aking espirituwal na kalinisan ay mas mahalaga kaysa pagkapanalo sa isang paligsahan.

Pero masyado akong nag-alala na magsabi sa aking team. Sa gabi bago ang miting ng aming club, nagdasal ako sa Ama sa Langit na tulungan akong magkaroon ng lakas ng loob na harapin sila.

Kinabukasan ay talagang nag-alala ako. Naupo ako kasama ng aking team. Nang magsimula ang miting, ipapaliwanag ko na sana sa lahat na hindi ko maaaring basahin ang aklat. Ngunit bago ko ito nagawa, tumindig ang lider at humingi ng paumanhin. Ipinaliwanag niya na hindi niya nabasa ang aklat bago ito ilagay sa listahan ng aming mga aklat at hindi natanto kung ano ang nilalaman nito. Sinabi niyang aalisin niya ito sa listahan. Pagdating ko sa bahay, nagpasalamat ako sa Ama sa Langit.

Alam ko na kapag ipinamumuhay natin ang ating mga pamantayan, binabantayan tayo ng Panginoon. Hindi Niya laging nilulutas ang situwasyon na gaya ng ginawa Niya para sa akin, ngunit palagi Niya tayong bibigyan ng lakas ng loob na gumawa ng mabubuting desisyon. ■

Ashleigh A., Utah, USA



## IKAW NAMAN

Malugod na tatanggapin ng *Liahona* ang iyong mga karanasan at ideya sa pamumuhay ng ebanghelyo. Ipadala ang iyong kuwento sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article").

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

# Pagbibigay ng Meryenda at mga Ngiti

**Kami sina Sam at Anastasia,**
at sinisikap naming PALIWANAGIN ANG AMING ILAW sa pamamagitan ng pagbabahagi sa iba!




1

**Paano Kami Makakatulong?**
Sa aming tirahan sa Florida, USA, nakikita namin ang maraming tao na walang mga tirahan Nag-isip kami kung paano namin sila matutulungan. Pinakain ni Jesus ang mga taong nagugutom, at lahat ay kailangang kumain! Kaya't nagpasiya kaming gumawa ng mga emergency snack kits.

MGA LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



## 2 Pagbili ng Supplies

Tinulungan kami ng kaibigan naming si Joa sa pagbili ng supplies sa dollar store.

## 3 Paggawa ng mga Kit

Naglalagay kami ng mga granola bar, bread stick na may keso, at iba pang masasarap na meryenda sa aming mga kit. Tinikman pa nga ni Sam ang isa!



## 4 Ang galing!

Ang pamimigay namin ng mga kit ay nagpapangiti sa amin. Sabi ng ilang tao, "Salamat!" at "Ang galing!"



## 5 Marami Pang mga Kit

Ang aming Inay ay nag-post ng impormasyon tungkol sa proyekto online, at nalaman ng young single adult branch ang tungkol dito. Gumawa sila ng 100 pang mga snack kit para sa bahay-kalinga sa aming lugar. Ginamit ng bahay-kalinga ang mga ito para anyayahan ang mga tao na mag-sign up para sa isang programa upang tulungan silang magkaroon ng tirahan. Talagang pinaligaya kami nito!

## PAANO KA MAGLILIWANAG?

- Pumili ng isang serbisyong proyekto na gusto mong gawin kasama ang iyong pamilya.
- Magbigay ng handog ayuno sa iyong sobre ng ikapu. Ang pera mo ay gagamitin para tulungan ang isang taong nangangailangan.

## PADALHAN KAMI NG BITUIN!



Paano mo paningningin ang iyong ilaw, gaya ng hinihiling ni Jesus na gawin natin? Padalhan kami ng bituin kasama ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot ng magulang mo. Tingnan sa pahina 71 para sa iba pang impormasyon.

**Ni Murlene Watkins**
Batay sa tunay na buhay

*"Hilig kong laging binabasa, kasulatang banal. Espiritu'y dama, sa puso ko t'wina—nalalamang aklat ay tunay" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *66).*

Nagpahid ng luha si Lucia. Ayaw niyang makita ng ibang mga bata ang kanyang pagluha. Umalis na siya ng paaralan at nagmamadaling umuwi.

Si Lucia ay nakatira sa isang munting magandang isla. Siya lamang ang miyembro ng Simbahan sa paaralan. Ang lahat ay miyembro ng ibang simbahan. Tinutukso nila si Lucia at ayaw makipaglaro sa kanya dahil iba siya.

Hindi lang iyan ang problema. Kung minsan hindi pinapansin ng mga guro si Lucia kapag nagtataas siya ng kamay.

"Ngunit pinakamatindi ngayon!" naisip ni Lucia. Sinipa niya ang isang bato sa daan. Sa klase, binasa ng guro ang ilang mga talata sa Biblia na hindi naiintindihan ni Lucia. Ginawa nila na magmistulang ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay iisang tao. At sinabi ng guro na may *ilang* simbahan na hindi naniniwala sa itinuturo ng Biblia. Tumingin siya nang diretso kay Lucia. Nagtawanan ang lahat sa klase.

Nalito si Lucia. Hindi ba't ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay magkakahiwalay? Ano ba talaga ang nangyayari?

Bigla siyang may naisip na masaya. Maaari niyang tanungin ang mga missionary! Araw-araw silang nagpupunta sa nayon ni Lucia. "Alam nila kung paano tumulong!" naisip niya.

Pagkauwi ni Lucia sa bahay, nakita niya sina Sister Brown at Sister Ruiz. Tumutulong sila sa pagbomba ng tubig paakyat sa isang tangke na nasa bubong.

Kaagad na nagtanong si Lucia. "Bakit sinasabi ng Biblia na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay iisang tao?"

# Isang SAGOT para



Ngumiti si Sister Brown. “Magandang tanong iyan. Pagkatapos ng tanghalian hahanapin natin ang ilang talata sa banal na kasulatan na makakatulong.”

Halos hindi natikman ni Lucia ang alinman sa masarap na *ropa vieja* stew na niluto ni Mama. Ang tanging gusto niya ay ang sagot!

Sa wakas ay natapos ang tanghalian. Si Lucia at ang mga missionary ay nagbuklat ng kanilang mga banal na kasulatan. Binasa nila ang tungkol sa pangitain ni Joseph Smith. Pagkatapos ay binasa nila ang tungkol sa binyag ni Jesus. Ipinakikita kapwa ng mga talatang ito sa banal na kasulatan na ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay magkakahiwalay.

“Kung gayon, bakit sinasabi ng iba pang mga talatang iyon sa mga banal na kasulatan na iisa sila?” tanong ni Lucia.

Sinimulang buklatin ni Sister Brown ang mga pahina. “Basahin natin sa Juan 17. Diyan nagdarasal si Jesus sa Ama sa Langit tungkol sa Kanyang mga Apostol.”

Naghalinhinan sila sa pagbabasa. Sa mga banal na kasulatan, nagdasal si Jesus na ang Kanyang mga Apostol ay “maging isa” gaya Niya at ng Ama sa Langit na iisa. Nabilang ni Lucia ang tatlong magkakaibang pagkakataon na sinabi Niya ito.

“Ang mga Apostol ay hindi maaaring maging iisang tao,” sabi ni Sister Ruiz. “Ngunit sila ay *maaaring* maging isa sa kung paano sila naniniwala at kumikilos. Ganyan naging iisa ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo.”

Nagsimulang gumanda ang pakiramdam ni Lucia. Alam niyang iyon ay ang Espiritu Santo. Sinasabi Niya kay Lucia na ang sinabi ni Sister Ruiz ay totoo.

Ang Ama sa Langit at si Jesus ay hindi iisang tao. Ngunit magkatulad Sila sa sinasabi at ginagawa Nila. At alam ni Lucia na mahal Nila siya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

# kay LUCIA


*Nalito si Lucia sa sinabi ng kanyang guro. Sino ang makakatulong?*



**TULONG MULA SA MGA BANAL NA KASULATAN**


Tinutulungan ako ng aking guro sa Primary na mahanap ang mga sagot sa aking mga tanong sa mga banal na kasulatan. Minsan ay nagtanong ako, “Bakit hindi nangyayari ngayon ang malalaking himala?” At tinulungan niya akong mahanap ang talata na nagsasabing nangyayari pa rin ang mga himala ngayon. Gustung-gusto ko na sinasagot ang mga tanong sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan!

**Emily I., edad 10, Somerset, England**



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# Hayaang MAGLIWANAG ang Iyong Ilaw



Bawat isa sa atin ay naparito sa lupa na taglay ang **Liwanag** ni Cristo. Nasa atin na kung pananatilihin nating nag-aalab ang ating **ilaw** para makita at sundan ng ibang tao. Ang isa sa pinakamainam na paraan para mapanatili ang pananampalatayang kailangan natin ay pag-aralan ang mga banal na kasulatan at manalangin.

Habang patuloy ninyong pinag-aalab ang ningas ng patotoo, kayo ay magiging isang **hudyat na ilaw** ng kabutihan na makikita ng lahat. Sinabi ng Tagapagligtas na, "Lumiwanag na gayon ang inyong **ilaw** sa harap ng mga tao, upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).

Walang hangganan ang ating mga pagkakataon na magliwanag.

Nasa paligid natin ang mga ito sa bawat araw. Habang sinusunod natin sa halimbawa ng Tagapagligtas, tayo ay magiging isang **ilaw** sa buhay ng mga taong nasa ating paligid—mga miyembro man sila ng sarili nating pamilya, ating mga kaibigan, o estranghero.

Maaari tayong maging isang **ilaw** sa sanlibutan. Tulad ng pagsindi ng **ilaw** sa isang madilim na silid na pumupuno sa silid ng **liwanag,** ang pagiging halimbawa ng kabutihan ay makakatulong sa **pagtanglaw** sa isang mundong patuloy sa pagdilim.

Mga kaibigan, maaari tayong maging, gaya ng sinabi ni Apostol Pablo, "isang uliran ng mga nagsisisampalataya" (I Timoteo 4:12). Maaari tayong makilala palagi bilang mga alagad ni Cristo at maging "tulad sa **mga ilaw** sa sanglibutan" (Mga Taga Filipos 2:15). ■



*Mula sa "Be a Light to the World" (debosyonal sa Brigham Young University, Nob. 1, 2011), speeches.byu.edu.*

MGA PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

# IPADALA SA AMIN ANG IYONG BITUIN!

Paano mo paniningningin ang iyong ilaw, gaya ng hinihiling ni Jesus na gawin natin? Nagpapakita ka ba ng mabuting halimbawa, pinaglilingkuran ang iyong kapwa, o ibinabahagi ang iyong patotoo? Sabihin sa *Liahona* ang tungkol dito sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong kuwento at ng isang bituin!

1. Bakatin ang bituing ito at isulat kung paano ka nagliliwanag nang husto sa pagiging mabuting halimbawa o pagtulong sa iba.
2. Gupitin ang bituin at kuhanan ito ng retrato. O magpakuha ka ng retrato na hawak mo ang iyong bituin!
3. Sa tulong ng iyong magulang, isumite ito sa liahona.lds.org (iklik ang “Submit an Article”).



3 Nephi 17:21

3 Nephi 17:7, 9

Juan 8:10–11

## MGA BITUIN NG BANAL NA KASULATAN

Kulayan ang isang bituin habang binabasa mo ang bawat talata ng banal na kasulatan tungkol sa halimbawa ni Jesucristo.

3 Nephi 11:13–15

Juan 11:33–44

Marcos 10:46–52

# Si Lucas at ang Bully

*Maganda ang naging pakiramdam ni Lucas sa sinabi niya . . . hanggang sa makita niya ang hitsura ng mukha ni Pedro.*

**Ni Eric B. Murdock**
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

*"Tayo nang mag-usap nang marahan sa bahay o kahit saan" (*Mga Himno, *blg. 143).*

"Naku po!" Heto na si Pedro!"

Alam ng lahat sa paaralan na si Pedro ay isang bully. Malaki siya, at salbahe siya! Tinatawag niya sa ibang pangalan ang mga bata, kinukuha ang kanilang baon sa tanghalian, at hinahabol sila sa bakuran ng paaralan. Walang gustong makasama siya.

Dinaanan ni Pedro si Lucas at ang kanyang kaibigan na si Arthur. Tinawag niya silang "mga talunan" at itinulak si Arthur.

Pagod na si Lucas sa pagiging salbahe ni Pedro. Hindi na nag-isip pa, sumigaw siya, "Tama na 'yan, Pedro!"

Hindi makapaniwala si Lucas. Nanindigan siya sa pinakamatinding bully sa paaralan!

Pagalit na lumapit si Pedro kay Lucas at hinatak ang kanyang kamiseta. "Ano'ng sinabi mo?" Bumilis ang tibok ng puso ni Lucas na para bang lalabas ito mula sa kanyang dibdib! "Binabalaan kita," sabi ni Pedro. "Kaya't mag-iingat ka!" Itinulak niya si Lucas at lumakad na palayo.

Pagkatapos niyon, ginawa ni Lucas ang lahat para iwasan si Pedro, ngunit lagi siyang nahahanap ni Pedro. Binawalan niya si Lucas na maglaro sa duyan o swing, itinulak siya habang naglalaro sila, pinatid siya sa kantina, at palaging nagsasalita ng hindi maganda.

Isang araw naglalaro sina Lucas at Arthur gamit ang bola ng football ni Arthur. Tumalon si Pedro mula sa likod ng isang puno at inagaw ito.

"Ibalik mo 'yan," sabi ni Arthur.

"Sinong makakapilit sa akin?" Itinulak ni Pedro si Lucas sa isang puno at tumawa.

Nakadama ng galit si Lucas. Galit na galit siya! "Alam mo, Pedro?" sabi ni Lucas. "Ikaw ang pinakasalbaheng bata na nakilala ko! Walang may gusto sa iyo. Gusto ng lahat na mawala ka na habampanahon!"

Tumigil sa pagtawa si Pedro. Maganda ang naging pakiramdam ni Lucas sa sinabi niya . . . hanggang sa makita niya ang hitsura ng mukha ni Pedro. Iiyak ba siya? Mabilis na tumungo si Pedro at lumakad palayo.

Biglang naging hindi maganda ang pakiramdam ni Lucas. Sa buong maghapon, kahit ano ang gawin niya, hindi maalis ni Lucas ang hindi magandang



pakiramdam niya. Nang gabing iyon, hindi makatulog si Lucas. Lagi niyang naiisip kung gaano kalungkot ang hitsura ni Pedro.

"Paanong nasaktan si Pedro?" naisip ni Lucas. "Wala siyang pakialam kung salbahe siya sa iba pang mga bata. Kailangang may sabihin ako, tama?" Habang lalong iniisip ito ni Lucas, lalo niyang nadarama na *tama* lamang na ipagtanggol niya ang kanyang sarili at ang kanyang kaibigan. Ngunit *mali* siya sa pagsasabi ng hindi maganda.

Lumuhod si Lucas sa tabi ng kanyang kama at hiniling sa Ama sa Langit na patawarin siya. Sinabi niya sa Ama sa Langit na ayaw na niyang masaktan pang muli ang damdamin ng kahit sino. Gusto niyang maging mabait. Nang sabihin ni Lucas na "amen," alam na niya kung ano ang dapat niyang gawin.



Pagkatapos ng tanghalian kinabukasan, nakita ni Lucas si Pedro na nakasandal sa isang pader nang mag-isa. Kinabahan si Lucas. Ano ang gagawin ni Pedro? Bumuntung-hininga si Lucas at lumapit.

"Mm, sorry sa nangyari kahapon."

Mukhang nagulat si Pedro. "Nagso-sorry ka!"

"Oo. May sinabi ako sa iyong mga bagay na hindi maganda, at hindi ko dapat ginawa iyon. Pasensya na."

Tumingin si Pedro sa kanyang sapatos. "OK lang 'yun."

Tumunog ang bell. Nagsimulang maglakad si Lucas pabalik sa klase. Gumanda na ang pakiramdam niya. Pero may isa pa sana siyang gustong sabihin. Muli siyang lumingon. "Puwede tayong maglaro ng football sa oras ng reses bukas kung gusto mo."

Medyo napangiti si Pedro. "Magandang ideya 'yan."

Pagkatapos niyon, naging mas maayos na ang bagay-bagay kay Pedro. Kung minsan ay bully pa rin siya, pero hindi na ganoon kasalbahe. Ilang beses din siyang naki-paglaro kay Lucas sa oras ng reses. At talagang masaya iyon! Sa pagtatapos ng klase, sinabi ni Pedro kay Lucas na aalis na siya. At may sinabi siyang talagang ikinagulat ni Lucas.

"Salamat sa pagiging kaibigan ko," sabi ni Pedro. "Kahit noong hindi ako mabait."

Ang mainit na pakiramdam sa puso ni Lucas ay nag-sasabi sa kanya na ang pagiging mabait ang palaging tamang piliin. ■




**PALAGING MAG-USAP NANG MARAHAN**

"Gamitin ang wika upang patatagin at pasiglahin ang mga nakapaligid sa inyo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "The Lighthouse of the Lord," *Ensign*, Nob. 1990, 97.**

# Si Moroni at ang Mekaniko



**Ni Elder Claudio R. M. Costa**
Ng Pitumpu



PAGLALARAWAN NI KEVIN KEELE

*"Aakayin sila ng isang maliit na bata"* (2 Nephi 30:12).

Maraming taon na ang nakalipas, ang aming pamilya ay nagbibiyahe pauwi sa São Paulo, Brazil, matapos bumisita sa mga kamag-anak namin. Nang paakyat na kami sa isang matarik na daan, nasira ang aming kotse.

Sinikap naming paandarin muli ang kotse sa loob ng ilang minuto. Pero ayaw nitong umandar. Maraming kotse na ang dumaan. Walang tumigil para tumulong.

Sa huli sinabi ko sa pamilya ko na dapat kaming manalangin. Ang anak kong anim na taong gulang na si Moroni, ay nagsabing "Huwag po kayong mag-alala, Itay. Nagdasal na po ako."

"Ano ang ipinagdasal mo?" tanong ko.

"Nagdasal ako sa Ama sa Langit na dumating ang *tamang* tao para tulungan tayo," sabi niya.

Hindi nagtagal ay lumitaw sa likuran ng aming kotse ang dalawang maliliwanag na ilaw. Iyon ay isang tow truck. Ang nagmamaneho ay isang mekaniko.

"Napakapalad ninyo," sabi niya. "Kagagaling ko lang sa trabaho at pauwi na ako."

Inayos niya ang aming kotse. Pagkatapos ay sinundan niya kami para siguruhing makakauwi kami nang ligtas.

Tinanong ko si Moroni kung alam ba niya kung gaano ka-espesyal ang karanasang ito. "Siyempre naman po," sabi niya. "Sinagot po ng Ama sa Langit ang dasal ko. Kaya ngayon may sarili na akong patotoo! Hindi ko na po kailangang manghiram sa inyo, Itay." Naantig ang puso ko sa matapat na halimbawa ni Moroni.

Malaki na ngayon si Moroni, ngunit naaalala ko pa rin ang kanyang mabuting halimbawa noong maliit pa siya. Kahit bilang isang bata, maaari kang maging halimbawa sa iyong pamilya at mga kaibigan. ■

MAAARI KONG BASAHIN ANG MGA BANAL NA KASULATAN


# Ang Plano ng Diyos para sa Akin

Pagkatapos mong basahin ang isang talata ng banal na kasulatan, kulayan ang isa sa mga hayop na nasa larawan!

1. Abraham 3:24–28
2. Moises 2:1–13
3. Moises 2:14–25
4. Moises 2:26–31
5. Abraham 5:1–7
6. Sa Mga Hebreo 5:8–9; Alma 12:33
7. Moises 1:39
8. Mga Awit 82:6; Mga Taga Roma 8:16



MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH




Jehova ang pangalan ni Jesus bago pa man nilikha ang mundo. Siya ang panganay na anak ng Ama sa Langit at nakatatanda nating kapatid. Tinulungan Niya ang Ama sa Langit sa paglikha ng daigdig at mga halaman at hayop. At naparito Siya sa lupa upang tulungan tayong makabalik sa Ama sa Langit.

- ☐ Basahin at isaulo ang Isaias 26:4.
- ☐ Panoorin ang mga kabanata 1 at 2 ng Lumang Tipan sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Isulat o idrowing sa journal mo ang tungkol sa isang pagkakataon na nagpakita ka ng pagmamahal sa mga nilikha ng Ama sa Langit at ni Jehova.
- ☐ Aalagaan ko ang mga likha ng Diyos sa pamamagitan ng . . .


________________________________________

________________________________________

# Ang Paglikha


Ni Kim Webb Reid

Noong unang panahon na di ko na matandaan, nilikha ng Diyos ang isang magandang lugar na titirhan ko.



Nang simulan Niyang gawin ang daigdig, inihiwalay Niya ang araw sa gabi. Ginawa Niya ang araw, buwan, at mga bituin para palaging may ilaw na gagabay sa akin.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Nilikha Niya ang kalangitan, karagatan, at lupa. Pinuno Niya ang mundo ng lahat ng uri ng mga halaman.



Nilikha Niya ang mga ibon na lilipad sa kalangitan, isda na lalangoy sa karagatan, at mga hayop na maninirahan sa lupa.




Sa tuwing nakikita ko ang mga likha ng Diyos, nakadarama ako ng pagpipitagan at pagmamahal para sa Kanya. Nagpapasalamat ako na ginawa Niya ang mundong ito para sa akin. ■

# Bahagi Ako ng Isang Magandang Daigdig



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



**Ni Pangulong N. Eldon Tanner (1898–1982)**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# ANG LAYUNIN NG PAGLIKHA

*Kaya ng bawat isa sa atin na gawin ang ating tahanan na langit sa lupa.*

Isaalang-alang natin . . . ang layunin ng paglikha ng daigdig. Ang mga banal na kasulatan ay nagpapalinaw na [iyon ay] . . . [upang] maglaan ng lugar na matitirhan ng mga anak ng Diyos sa mortalidad at patunayan ang kanilang sarili na karapat-dapat, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos, na makabalik sa piling ng Diyos na kanilang pinagmulan.

Kasunod ng paglikha ng daigdig, "Sinabi ng Dios, lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis. . . .

"At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.

"At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin" (Genesis 1:26–28).

Nang likhain ng Diyos ang babae at dinala siya sa lalaki, sinabi Niya na:



"Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman" (Genesis 2:24).

Oo, ang kasal ay inorden ng Diyos, at kasunod ng unang pagbanggit na iyon sa mag-asawang lalaki at babae, paulit-ulit nating nakikita sa mga banal na kasulatan ang katibayan na ang mga lalaki at babae ay naging mga mag-asawa sa mga seremonya ng kasal. . . . Hindi tayo naparito para lamang "magsikain, magsiinom, at magsipagsaya" (2 Nephi 28:7).

Mahalagang maunawaan natin, gaya ng matututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan, na ang Diyos ay walang hanggan, na ang Kanyang mga nilikha ay walang hanggan, at ang Kanyang mga katotohanan ay walang hanggan. Samakatwid, nang ikasal Niya si Eva kay Adan, ang pagsasamang iyon ay magiging walang hanggan. . . .

. . . Kapag nauunawaan ng mga magulang ang layunin ng kanilang buhay, na sila ay literal na espirituwal na supling ng kanilang Ama sa Langit at na mayroon silang responsibilidad na maglaan ng mga mortal na katawan para sa iba, nagagalak sila sa himala ng pagsilang dahil natatanto nila na sila ay mga katuwang ng Diyos sa paglikha sa bawat anak na dumarating sa tahanang iyon. . . .

Alam ko na sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo, at sa pagtupad sa mga utos ng Diyos at sa mga tipan na ginagawa natin sa Kanya, magagawang langit ng bawat isa sa atin ang ating tahanan sa lupa habang inihahanda natin ang ating sarili at ang ating mga anak sa pagbalik sa ating Ama sa Langit. ■

*Mula sa "Celestial Marriages and Eternal Families,"* Ensign, *Mayo 1980, 15–18. Pinagpareho ang pagbabaybay at pagbabantas.*



***PRECIOUS LOVE,***
**NI KEITH MALLETT**

*Kabilang sa dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos ay ang pagkakataon para sa bawat isa sa atin, bilang Kanyang mga espiritung anak, na pumarito sa lupa upang magkaroon ng mortal na katawan at mamuhay sa isang yunit ng pamilya kung saan maaaring lumago ang mga ugnayan sa pagkakaisa at pagmamahalan. Sa loob ng ating mga tahanan sa lupa, maaari nating ihanda ang ating sarili at ang ating mga anak na makabalik sa ating Ama sa Langit. (Tingnan sa Genesis 1–2; Mosias 18:21; Alma 42.)*

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT

### Mas Maagang Umuwi Kaysa Nakaplano

p. 44



Kung mas maaga kang umuwi mula sa iyong misyon kaysa inaasahan, narito ang walong paraan upang manatiling naglilingkod at umuunlad.

## PARA SA MGA KABATAAN

### TEMA NG MUTUWAL PARA SA 2018

Palagi kang makasusumpong ng kapayapaan kay Cristo. Pag-aralan ang tema ng Mutuwal sa taong ito para malaman kung paano.




p. 50

## PARA SA MGA BATA



### Hayaang Lumiwanag ang Iyong Ilaw

p. 70

Sa taong ito, ibahagi sa amin kung paano mo pinaniningning ang iyong ilaw!

TAGALOG
4 02147 47893 1